

MGA TAGA-ROMA

Binuo ang Shepherds Global Classroom para ihanda ang katawan ni Cristo sa pamamagitan ng pagbibigay ng kurikulum sa mga umuusbong na pinunong Kristiyano sa buong mundo. Layunin naming dumami ang mga programa ng pagsasanay kaya ipinagkatiwala namin ang kurikulum na mayroong 20-kurso sa kamay ng mga espirituwal na tagapagsanay ng bawat bansa sa buong mundo.

Ang aklat na ito ay maaaring i-download nang libre sa <https://www.shepherdsglobal.org/downloads>

Pangunahing Manunulat: Dr. Stephen K. Gibson

Copyright © 2015 Shepherds Global Classroom
Isinalin sa Tagalog mula sa Unang Ingles na Edisyon.

Nakalaan ang lahat na karapatan.

May copyright ang mga third-party material na pagmamay-ari ng ibang tao at kanilang ibinabahagi sa ilalim ng iba't-ibang lisensiya.

Maliban kung inilathala, lahat ng Kasulatan ay hango sa Ang Bagong Ang Biblia.

Pahayag tungkol sa pahintulot:

Ang aklat na ito ay maaaring ilimbag at ipamahagi ng walang bayad maging sa digital na pormat o pisikal na aklat sa ilalim ng mga sumusunod na alituntunin: (1) Hindi maaaring baguhin ang nilalaman ng aklat sa anumang paraan; (2) Hindi maaaring ibenta ang mga kopya ng aklat para pagkakitaan; (3) Malaya ang mga institusyong pang-edukasyon na gamitin/kopyahin ang aklat na ito, kahit naniningil sila ng mga matrikula; at (4) Hindi maaaring isalin ang aklat na ito nang walang pahintulot at pangangasiwa ng Shepherds Global Classroom.

MGA NILALAMAN

Buod ng Kurso.....	5
Balangkas ng Roma.....	9
(1) Pagpapakilala sa Liham	11
(2) Ang Pagkakamali ng Hentil	25
(3) Ang Pagkakamali ng mga Israelita	39
(4) Mga Kalagayang Unibersal.....	49
(5) Ang Pamamaraan at Kahulugan ng Pagpapawalang-Sala	61
(6) Kalayaan Mula sa Kasalanan	75
(7) Ang Nahatulang Makasalanan	95
(8) Pagiging Banal sa Isang Makasalanang Mundo.....	111
(9) Pagpipili ng Diyos.....	123
(10) Ang Mahalagang Mensahe	131
(11) Praktikal na Pamumuhay Kristiyano	141
(12) Isang Pangitain para sa Pagmimisyon	153
Iminumungkahing Mga Babasahin	161
Mga Tanong Para sa Pagbabalik-Aral sa Aralin at Panghuling Pagsusulit.....	163
Talaan ng mga Takdang-Aralin	167
Kahilingan para sa Sertipiko Mula sa Shepherds Global Classroom	167

Buod ng Kurso

Paglalarawan ng Kurso

Ang sulat ni Pablo sa mga mananampalataya sa Roma ay nagpapaliwanag ng kanyang misyon at mensahe. Inilarawan niya ang teolohiya ng Ebanghelyo upang ipaliwanag kung bakit ito'y kinakailangan ng lahat ng tao sa buong mundo. Ang sulat na ito ay may malaking epekto sa simbahan sa buong kasaysayan. Maraming mga kontrobersyal na doktrina ang nagmula dito. Ang kurso na ito ay nag-aaral ng mga aral mula sa Aklat ng mga Taga-Roma at nag-aaplay nito sa pamumuhay ng mga Kristiyano.

Layunin ng Kurso

- (1) Makita ang alok ng kaligtasan ng Diyos at ang kanyang pangangailangan ng pananampalataya.
- (2) Talakayin ang mga misyologikal na isyu tungkol sa mga tao na hindi pa nakarinig ng ebanghelyo.
- (3) Maunawaan ang tagumpay laban sa kasalanan na posible at normal para sa isang mananampalataya.
- (4) Pag-aralan ang ugnayan sa pagitan ng Israel at ng simbahan sa plano ng Diyos.
- (5) Maunawaan ang konteksto ng mga pahayag na naging batayan ng mga kontrobersiyal na doktrina sa simbahan.
- (6) Magkaruon ng pagnanasa para sa misyon ng simbahan na ipabatid ang ebanghelyo sa buong mundo.

Disenyo ng Aralin

Ang mga aralin ay idinisenyo upang ituro sa isang sesyon bawat isa, ngunit maaaring umabot ng dalawang oras o higit pa ang kinakailangan para sa bawat aralin. Kung kinakailangan ang mas maikli na sesyon, maring hatiin ang mga aralin sa mas maliit na bahagi.

Mga Gabay para sa Lider ng Klase sa loob ng aralin ay nasa *italiko*.

Mga tanong para sa pagsusuri ay ibinigay para sa bawat aralin. Sa simula ng bawat sesyon, ang lider ng klase ay dapat magtanong ng mga pagsusuri para sa nakaraang aralin at ilang mga tanong mula sa mga nakaraang aralin. Siguruhing lahat ng mga mag-aaral ay makatulong na magbigay ng mga sagot. Kung may hindi sumasagot, ituro ang tanong sa kanya sa pamamagitan ng kanyang pangalan. Ito ay magandang pagkakataon upang ituwid ang mga pagkakamali sa materyal. Ang mga tanong sa pagsusuri ay ang mga parehong tanong na gagamitin para sa huling pagsusulit. Karamihan sa mga tanong ay

nangangailangan ng 1-3 pangungusap para sagutin nang buo. Suriin at ituwid ang mga sagot kung kinakailangan. Ang mga lider ng klase ay maaaring mag-access ng sagot sa isang key sa shepherdsglobal.org.

Ang simbolo ► ay nagpapahiwatig ng isang tanong sa pag-uusap. Itanong ang tanong at payagan ang ilang mga mag-aaral na magbigay ng maikli at maikli. Minsan ang tanong ay nagrerepaso ng materyal na kakatapos lang aralin. Sa mga pagkakataong iyon, ang mga mag-aaral ay dapat magbigay ng tamang sagot. Kung may kalituhan, ang lider ng klase ay dapat magpaliwanag ng mas maigi ang materyal. Sa iba pang pagkakataon, ang tanong ay nag-aanyaya ng bagong materyal. Sa ganitong oras, hindi kinakailangan na ang mga mag-aaral ay magbigay ng tama o eksaktong sagot, at hindi kinakailangang magkaroon ng konklusyon. Ang tanong lamang ay naghahanda sa kanila para sa pag-aaral ng bagong materyal.

Hindi kinakailangang suriin ang lahat ng mga sanggunian sa Kasulatan na nasa mga parenthesis. Ang mga sanggunian ay ibinigay upang suportahan ang mga pahayag.

Minsan ang talaan sa parenthesis ay nagpapakita kung saan makikita ang iba pang materyal sa aralin. Halimbawa, (Tingnan ang talaan sa 4:5-6), o (Tingnan ang Spotlight sa Aralin 9). Hindi kinakailangang pumunta sa materyal na iyon maliban na lang kung kinakailangan ng mas maraming paliwanag ang klase agad.

Ang lider ng klase ay maaring magtanong sa isang mag-aaral na magpaliwanag ng mga pagsipi na nasa mga kahon sa gilid ng mga aralin.

Karamihan sa mga aralin ay may kahon na may larawan at kasaysayan tungkol sa Roma. Ang kasaysayan na ito ay hindi konektado sa aralin. Hindi kinakailangan isama ang kasaysayan sa presentasyon ng aralin.

Sa simula ng bawat sesyon ng klase, ang lider ng klase ay dapat mag-ipon ng mga nakasulat na gawaing-bahay mula sa nakaraang sesyon at mag-ugnayan sa grupo ng maikli ukol sa kanilang mga gawaing-bahay.

Gawaing-Bahay para sa mga Mag-aaral

Ito ay isang klase sa Bibliya. Dapat bukas ang Bibliya ng mga mag-aaral at tingnan ang bahagi ng Kasulatan na pinag-aaralan.

Mayroong isang talaan na ibinigay para sa pagtatala ng mga natapos na gawaing-bahay. Ang talaan ay nakalista sa huli ng kurso.

Sa mga linggo ng kursong ito, dapat maghanda ang mag-aaral ng tatlong sermon o leksiyon batay sa isang bahagi ng aklat ng Roma at ipresenta ito sa mga grupo na iba sa klase. Pagkatapos ng bawat presentasyon, dapat siyang magtanong sa ilang tagapakinig kung paano mapabubuti ang kanyang presentasyon. Dapat niyang ibigay sa lider ng klase ang kopya ng kanyang mga tala sa presentasyon, isang paglalarawan ng grupo at kaganapan kung saan siya nagtalampati, at ang kanyang mga plano para sa pagpapabuti.

Ang mag-aaral ay dapat maghanda ng hindi bababa sa dalawang pakikipag-usap sa mga mananampalataya mula sa mga iglesya na may doktrina na iba sa kanya. Dapat niyang tanungin ang mga ito kung bakit sila naniniwala sa kanilang doktrina. Dapat niyang ipaliwanag ang mga bahagi ng aklat ng Roma na may kinalaman sa paksa. Dapat niyang isulat ang isang paglalarawan ng pag-uusap at ibigay ito sa lider ng klase. Pinakamabuti kung matapos ang Aralin 9 bago ito gawin.

Sa bawat aralin ay may isang asaynment sa pagsusulat. Ang bawat isa sa mga ito ay dapat matapos bago ang susunod na sesyon ng klase. Dapat itong ibigay sa lider ng klase sa simula ng klase. Ang lider ng klase ay dapat mag-organisa ng maikling diskusyon hinggil sa mga sulatin ng mga mag-aaral.

Sa katapusan ng kursong ito ay may final na pagsusulit. Ang mga mag-aaral ay dapat itong tapusin nang indibidwal nang walang tulong at nang walang tinging anumang nakasulat na materyal. Ang listahan ng mga tanong ay ibinibigay malapit sa katapusan ng kursong ito. Ang pagsusulit ay maaaring iskedyul sa parehong sesyon kung saan tinatalakay ang huling aralin o sa ibang oras. Mayroong 77 na tanong. Upang maikli ang oras na kinakailangan para sa pagsusulit, maaaring pumili ang guro ng 20 tanong na gagamitin. Ang pagsusulat ng mga sagot para sa 20 tanong ay maaaring umabot ng isang oras para sa ilang mag-aaral. Dapat hindi alam ng mga mag-aaral kung aling mga tanong ang gagamitin at dapat nilang aralin ang lahat ng mga tanong sa pagsusuri.

Dapat maging present sa bawat sesyon ng klase ang mga mag-aaral. Kung mayroong mag-aaral na hindi makadalo sa isang sesyon, dapat niyang aralin ito, suriin ito kasama ang lider ng klase, at gawin ang asaynment.

Balangkas ng Roma

Unang Bahagi: Mga Pagbati at Pagpapakilala sa Tema(1:1-17)

Pangalawang Bahagi: Ang Pangangailangan ng Pagpapawalang-Sala sa Pamamagitan ng Pananampalataya (1:18 - 3:20)

- I. Ang Kamalian ng Hentil: Ang Pagtangi ng Diyos sa Pagsamba sa Diyos-diyosan(1:18-32)
- II. Ang Kamalian ng Israel: Kaalamang Walang Pagsunod (2:1-29)
- III. Ang Katarungan ng Unibersal na Paghatol (3:1-20)

Pangatlong Bahagi: Ang Pamamaraan at Kahulugan ng Pag-Aaring-Matuwid(3:21- 5:21)

- I. Pagpapawalang-sala ayon sa Paraan ng Diyos(3:21-31)
- II. Ang Halimbawa ni Abraham(4)
- III. Ang Pagtubos ni Kristo(5)

Ikaapat na Bahagi: Pagpapaging-Banal ng mga Pinawalang-sala (6-8)

- I. Kalayaan Mula sa Kasalanan (6)
- II. Ang Kalagayan ng Taong Makasalang Napatunayan ang Pagkakasala (7)
- III. Banal sa Isang Makasalanang Mundo (8)

Ikalimang Bahagi: Ang Kapangyarihan ng Diyos sa Plano ng Kaligtasan (9-11)

- I. Ang Karapatan ng Diyos na Itakda ang Pamamaraan upang Maligtas (9)
- II. Ang Pagtugon ng Pananampalatay Bilang Kundisyon Upang Matanggap (10)
- III. Pagtangi sa Di-Mananampalataya; Pagtanggap sa Mananampalataya (11)

Pang-anim na Bahagi: Praktikal na Mga Tagubilin (12:1 – 15:7)

- I. Mapagpakumbaba at Banal na Ministeryo sa Katawan(12:1-8)
- II. Pag-uugali Patungkol sa Iba (12:9-21)
- III. Pagpapasakop sa Awtoridad na Sibil (13:1-7)
- IV. Ang Kalubusan ng Pag-ibig (13:8-10)
- V. Pamumuhay sa Liwanag (13:11-14)
- VI. Pagtanggap sa Pagkakaiba-iba ng mga Gawaing Panrelihiyon (14:1 – 15:7)

Ikapitong Bahagi: Konklusyon: Isang Pangitain Para sa Pagmimisyon (15:8-33)

Ikawalong Bahagi: Mga Pagbati (16)

Aralin 1

Pagpapakilala sa Liham

Isang Aklat ng mga Usaping Pinagdebatihan

Maraming usaping teolohikal ang pinagdebatihan na sa iglesya sa loob ng libong taon. Ang aklat ng Roma ay tumatalakay sa mga kontrobersiyal na mga usaping teolohikal marahil higit pa sa alinmang ibang aklat ng Biblia. Narito ang ilang halimbawa ng mga tanong na sinagot dito sa liham.

Mga Teolohikal na Mga Tanong na Sinagot sa Roma.

Dapat basahin ng tagapagturo ang bawat isang tanong at tumigil sandali upang makasagot ang ibang miyembro. Hindi dapat umubos ng mahabang oras sa alinmang tanong at hindi dapat sikaping magkaroon ng konklusyon. Ang layunin ng listahan ay upang ipakita na maraming opinyon tungkol sa mga tanong na ito.

- (1) Ano ang pinaniniwalaan ng tao upang maligtas sa pamamagitan ng pananampalataya?
- (2) Ano ang ibig sabihin kapag sinabing ang Kristiyano ay hindi nagtatrabaho para sa kanyang kaligtasan?
- (3) Ipinasiya ba ng Diyos na iligtas ang ilang tao at hindi iligtas ang iba pa?
- (4) Paano pinipili ng Diyos kung sino ang maliligtas at kung sino ang hindi?
- (5) Ano ang mangyayari sa mga taong hindi pa nakaririnig ng ebanghelyo?
- (6) Paano masasabing makatarungan ang Diyos kung pinatatawad niya ang ibang makasalanan at pinarurusahan naman ang iba?
- (7) Ang isang mananampalataya ba ay makasalanan pa rin?
- (8) Anong klaseng espirituwal na tagumpay ang possible sa tunay na buhay?
- (9) Posible ba sa isang mananampalataya na mawala ang kaligtasan?
- (10) Mayroon pa bang plano ang Diyos para sa Israel?

Hindi isinulat ni Pablo ang liham sa mga taga-Roma sa layuning lumikha ng mga katanungan na pagtatalunan sa mahabang panahon. Ating isipin kung paano nangyari na isinulat ang liham na ito.

Ang Layunin ng Liham sa Mga Taga-Roma

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang 1:11-15 at 15:24 para sa grupo. Anong mga dahilan ang ibinigay ni Pablo sa kanyang pagnanais na magtungo sa Roma?


Ang layunin ng liham na ito ay upang ipakilala si Pablo at ang kanyang teolohiya ng kaligtasan sa mga mananampalatayang Romano, upang

1. Maaari siyang bumisita sa kanila upang Palakasin ang loob ng mga mananampalataya (1:11-12) at Ipangaral ang ebanghelyo sa Roma (1:15) at
2. upang Makapagsimula siya ng isang bagong gawaing pangmisyon sa pamamagitan ng kanilang suporta. (15:24).

Ginugol ni Pablo ang mga taong A.D. 47-57 sa pag-eebanghelyo sa mga teritoryo sa paligid ng Dagat Aegean. Isinulat niya ang liham sa mga taga-Roma sa taong A.D. 57.¹ Nagplano siyang maglakbay patungo sa Jerusalem, pagkatapos ay sa Roma. Plano niyang gamitin ang iglesya sa Roma bilang simula ng paglulunsad ng isang gawaing pangmisyon patungo sa Espanya (15:24), na pinakamatandang kolonya ng Roma sa kanluran at ang sentro ng sibilisasyon ng Roma sa parting iyon ng mundo.

Dahil hindi pa kailanman nakakapunta si Pablo sa Roma, ang liham ay nagsilbi bilang personal na pagpapakilala at paghahanda sa kanyang pagbisita. Marahil iyon ang dahilan para sa malawakang pagbati sa Kabanata 16.²

Subali't ang pagdalaw ni Pablo ay hindi nangyari ayon sa kanyang plano. Siya ay dinakip sa Jerusalem. Nang sa palagay niya ay hindi siya makatatanggap ng katarungan, umapela siya kay Caesar. Pagkatapos ng mapanganib na paglalakbay, kabilang ang pagkawasak ng barko, dumating siya sa Roma bilang isang bilango taong A.D.60. Bagaman siya ay nakakulong, malaya siyang nakakatanggap ng mga dalaw at nagministeryo siya sa kanila at sa pamamagitan nila (Mga Gawa 28:30-31). Sinabi ni



"Ang pag-iisip ni Pablo ay ang maunawaan nang maikli sa liham na ito ang lahat ng buong pagkaalam sa ebanghelyo ni Kristo at upang maghanda ng introduksiyon sa buong Lumang Tipan"

-William Tyndale,
"Prologue to Romans".

¹ Ang mga petsang ito ay opinyon ng mga iskolar, at hindi natin nalalaman kung ang mga ito ay perpekto at tumpak.

² Image: "Gulielmus Tyndall", from the Rijksmuseum, retrieved from [https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Portret_van_Engelse_priester_en_theoloog_William_Tyndale_Gulielmus_Tyndall_Martyr_tibi_causa_necis_\(titel_op_object\),_RP-P-OB-26.648.jpg](https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Portret_van_Engelse_priester_en_theoloog_William_Tyndale_Gulielmus_Tyndall_Martyr_tibi_causa_necis_(titel_op_object),_RP-P-OB-26.648.jpg), public domain (CC0).

Pablo na ang mga pangyayari ay kumikilos para sa “pagsusulong ng ebanghelyo” (Filipos 1:12). May mga nagbalik-loob maging sa sambahayan ni Caesar.

May mga historyador na naniniwala na si Pablo ay napalaya pagkatapos ng dalawang taon. Kung naglakbay nga siya o hindi sa Espanya ay hindi natitiyak. Alam natin na pagkalipas ng panahon siya ay binitay sa Roma, subali’t marahil ito ay sa kanyang ikalawang pagbisita sa lunsod.

Sa pagpapaliwanag sa teolohiya ng kaligtasan upang ipakita ang batayan ng kanyang gawaing pangmisyon, ipinakita ni Pablo ang batayan ng gawaing pangmisyon sa lahat ng lugar at panahon.

May ilang katanungan ang natural na lalabas bilang tugon sa kahilingan ni Pablo na tulungan nila siya sa paglulunsad ng kanyang paglalakbay pangmisyon. Maaaring may magtanong, “Bakit ikaw ang dapat humayo?” Kaya, sinimulan ni Pablo ang liham sa pagbanggit sa kanyang dedikasyon sa Gawain ng pag-eebanghelyo (1:1). Pagkatapos ipinaliwanag niya ang kanyang espesyal na pagkatawag at tagumpay bilang apostol sa mga Hentil (15:15-20).

Maaaring may magtanong, “Bakit kinakailangang marinig ng lahat ng tao ang ebanghelyo? Marahil ang mensaheng ito ay hindi naman kailangan sa lahat ng lugar.” Subali’t ipinaliwanag ni Pablo ang potensiyal ng ebanghelyo para sa sangkatauhan sa buong mundo (1:14, 16, 10:12) at ang madaliang pangangailangan sa gawaing pangmisyon(10:14-15). Ipinakita niya na ang mensahe ay angkop sa bawat tao sa buong mundo, at ang bawat tao ay lubhang nangangailangang makarinig nito.

Panimula ng Talata sa Kasulatan

Ngayon tingnan natin ang unang talata – Ang “Pagbati at Pagpapakilala sa Tema” ni Pablo

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang 1:1-17 para sa grupo.

Paunawa sa Istruktura: Inilalarawan ng 1:1-17 ang pagkatawag kay Pablo at ang motibasyon niya na palaganapin ang ebanghelyo. Pagkatapos nito, ipinapaliwanag ng 1:18 - 3:20 kung bakit kinakailangan ang ebanghelyo, dahil ang mga makasalanan ay nasa ilalim ng poot ng Diyos. Gayunman, nililikha ng 1:15-19 ang transisyon sa pagitan ng dalawang seksiyong ito. Gumagawa ng punto sa kanyang sarili, malinaw na ipinapahayag ang ebanghelyo: na ang mga makasalanan ay

Ang pangalan ng lunsod ng Roma ay nagmula sa pangalang Romulus. Ayon sa alamat ang kambal na anak ng Diyos na si Mars, na nagngangalang Romulus at Remus, ay naulila bilang mga sangol. Sila ay pinalaki ng isang lobo. Nang sila ay tumanda, nagpasya silang gumawa ng lunsod. Sila ay nagkaroon ng pagtatalo at pinatay ni Romulus si Remus. Ang larawan ay pareho sa larawan na nasa isa sa mga lumang barya ng Roma.

napatunayang maysala dahil alam naman nila iyon, sagayun, nasa ilalim ng poot; subali't ang mananampalataya ay naligtas.

Pangunahing Punto ng 1:1-17

Si Pablo ay tinawag at may motibasyon upang ipalaganap ang ebanghelyo dahil ito ang mensahe ng kaligtasan para sa sinumang sumasampalataya.

Buod ng Seksiyon (1:1-17)

Ang lahat sa talatang 1-14 ay tumutukoy sa pangungusap sa talatang 15. Malinaw na ipinapaliwanag ng talatang 16-18 kung ano ang ebanghelyo at kung bakit kailangan ito ng bawat isa. Ang ebanghelyo ang mensahe na ang mga tao ay pinawawalang-sala sa pamamagitan ng pananampalataya. Ang lahat ng tao ay nangangailangan ng mensaheng ito, dahil ang lahat ay nasa ilalim ng poot ng Diyos.

Ang buong aklat ng Roma ay pagpapaliwanag ng mga pangungusap sa 1:16-18.

Paunawa sa Bawat Talata

Ang mga bilang sa panaklong ay ang mga bilang ng mga talatang tinatalakay.

(1) Nagpahayag si Pablo ng tatlong pangungusap tungkol sa kanyang sarili.

- Siya ay isang alipin ni Hesu-Kristo.
- Siya ay isang apostol dahil sa pagkatawag ng Diyos sa kanya.
- Siya ay itinalaga na sa gawaing ayon sa pagkatawag sa kanya.

Ang salita para sa *ihiniwalay* ay ang parehong salitang ugat na pinagkunan ng salitang *Pariseo*. Si Pablo ay dating isang Pariseo, subali't ngayon ay nakatuon na sa ministeryo.

May pagkamamamayang-Romano si Pablo, subali't hindi niya binanggit ang katotohanang ito bilang bahagi ng kanyang pagkakakilanlan. Hindi makakatulong kung iuugnay siya sa karamihan sa mga mananampalatayang Romano. Karamihan sa mga taong nakatira sa Roma ay walang pagkamamamayan dahil sila ay mga dayuhan o alipin. Kung binanggit ni Pablo ang kanyang pagkamamamayan, iuugnay siya nito sa mataas na antas ng lipunan sa Roma; mas mahalaga na banggitin ang kanyang tungkuling espirituwal.

(2) Ang ebanghelyo ay hindi lubusang bago dahil ito ang nilalaman ng mensahe ng mga propeta ng Lumang Tipan. Ipinapakita ng Kabanatang 4 ng Roma na ang ebanghelyo ay naunawaan ni Abraham at ni David.

(3) Ang *Kristo* ay ang Griegong salita para sa salitang Hebreo na *Mesiyas*.

Ang salitang *Panginoon* ay tumutukoy sa pagiging Diyos. Ang kahalagahan ng salitang *Panginoon* sa mga liham sa Bagong Tipan ay makikita sa paghahambing ng Filipos 2:10-11

sa Isaias 45:23. Tumutukoy ito sa pinakamataas sa lahat ng ibang awtoridad. (Tingnan din ang Mga Gawa 2:36.)

Ang salitang *Panginoon* ay hindi pare-pareho ng kahulugan sa mga Ebanghelyo sa Bagong Tipan, kung saan ang mga tao ay maaaring tinawag si Hesus na “Panginoon” bilang isang salita ng paggalang nang hindi talagang nauunawaan na siya ay Diyos.

Sa mga liham sa Bagong Tipan, ang pangalang “Kristo Hesus, aming Panginoon” ay naghahayag ng tatlong pangungusap ng pagkakakilanlan. Sinasabi nito na siya ang lalaki mula sa kasaysayan na nagngangalang Hesus, siya ang Mesiyas na Hudyo, at siya ay Diyos.

Sa kanyang buhay bilang tao, siya ay inapo ni David na isinilang sa salinlahi ng mga hari, na inihula tungkol sa Mesiyas.

(4) Ang muling pagkabuhay ni Hesus ang nagpatunay ng kanyang pagiging Diyos. Sa Juan 10:18, inihayag niya na muli siyang mabubuhay. Ibinigay niya ang muling pagkabuhay bilang tanda para sa salinlahing iyon, at ang mga saksi sa muling pagkabuhay ay itinatag ito bilang tanda para sa lahat ng salinlahi. Ang isang tao na hindi Diyos ay walang kakayahang muling buhayin ang kanyang sarili mula sa mga patay; at hindi rin maaaring buhayin ng Diyos ang isang taong mali sa kanyang pag-angkin na siya ay Diyos, laluna na ang sinumang nag-aangkin na ang muling pagkabuhay ay magpapatunay ng kanyang pagkakakilanlan.

► May ibang tao na muling binuhay mula sa mga patay, subli’t hindi sila Diyos. Paano mo ipapaliwanag na ang muling pagkabuhay ay nagpatunay sa pagkakakilanlan ni Hesus?

(5) Ang pagkatawag at mga espirituwal na kaloob ng pagiging apostol ay ibinigay para sa layuning madala ang lahat ng tao mula sa lahat ng mga bansa sa pagsunod kay Kristo. Ang tanging wastong paggamit ng mga kaloob na espirituwal ay para sa gawain ng Diyos. Ang tanging wastong motibo sa gawain ng pagmiministryo ay para sa kaluwalhatian ng pangalan ni Kristo. Ang mga motibo tulad ng pansariling kapakinabangan o personal na karangalan ay hindi mahalaga para sa isang lingkod ng Diyos.

► Mayroon bang buhay na mga apostol sa ngayon?

Pagtuunan ng Pansin: Ang pagiging katangi-tangi ng Pagkatawag na Maging Apostol

Ang salitang *apostol* kung minsan ay ginagamit sa Biblia taglay ang pangkalahatang kahulugan na “isang taong isinugo”. Sa Mga Gawa 14:14, sina Pablo at Bernabe ay tinawag na mga apostol, kahit na si Bernabe hindi isa sa orihinal na labindalawa. Sa Galacia 1:19, sinabi ni Pablo na sa isang partikular na pagdalaw hindi niya nakita ang sinuman sa mga apostol maliban kay Cefas, (Pedro) at si Santiago ang kapatid ng Panginoon. Sa

pagkakataong iyon, tinukoy niya si Santiago bilang isang apostol, kahit pa hindi sya kabilang sa orihinal na labindalawa.

Gayunman, ang labindalawang apostol ay normal na inaaring isang espesyal na grupo, na hindi na maaaring dagdagan pa. Sinabi ng Mateo 10:2 na "ang pangalan ng labindalawa ay ito..." (tingnan din ang Lucas 6:13). Sinabi ni Hesus sa mga apostol na sila ay uupo sa mga trono at huhukuman ang labindalawang tribo ng Israel (Lucas 22:30). Ang pangakong ito ay tila nagbibigay ng gantimpalang limitado lamang sa labindalawang lalaki. Ang mga pangalan ng labindalawang apostol ay nasa labindalawang pundasyon ng lunsod ng Diyos, na nagpapahiwatig ng katangi-tanging grupo ng labindalawang lalaki. (Pahayag 21:14).

Hindi tinawag ni Judas, na kapatid ni Hesus, ang kanyang sarili na isang apostol, subali't tinukoy ang kanilang awtoridad (ihambing ang Judas 17 sa 2 Pedro 3:12). Ang mga apostol ay may natatanging awtoridad, at anumang kanilang isinulat sa mga iglesya ay inaaring mga rebelasyon (2 Pedro 3:15-16).

Pinili ng iglesya si Mateo bilang kapalit ni Judas, dahil inaasahan nila na dapat mayroong labindalawa (Gawa 1:26); subali't walang bahagi ng kasaysayan ang nagsasabi na ang unang iglesya ay nagpatuloy sa pagpapalit sa mga apostol kapag ang sinuman ay namatay

Malinaw na si Pablo ang siyang pinili ng Diyos bilang ikalabindalawang apostol. Ipinahiwatig ni Pablo na isa sa mga kuwalipikasyon sa kanyang pagiging apostol ay ang kanyang pagkakita kay Hesus (1 Corinto 9:1). Ito ang maglilimita sa pagiging apostol sa unang henerasyon lamang ng iglesya.

Ang pagiging apostol ay isang pagkatawag na katulad ng pagiging pastor o tagapagturo na laging walang limitsyon ang bilang at modernong pampalit. Wala nang tao pagkatapos ng orihinal na labindalawa ang dapat bigyan ng status ng pagiging apostol.

► Bakit hindi dapat angkinin ng sinuman sa ngayon ang pagiging apostol?

Paunawa na Bawat Talata (*pagpapatuloy*)

(6) Ang "Tinawag" ay tumutukoy sa pagtawag upang maligtas, upang maging banal na bayan, tulad ng nakikita sa sumusunod na talata (tingnan ang 8:30). Sinabi ni Pablo na ang mga apostol ay may ministeryo sa lahat ng bansa; ngayon itinuturo niya na ang mga Kristiyanong Romano ay mga mananampalataya ng mensahe ng mga apostol. Sagayun, ipinapakita niya na may obligasyon sila na ariing seryoso ang kanyang awtoridad bilang apostol. Ang liham na ito ay hindi lamang nagmula sa isang misyonero na narinig nila. Kinakailangan nila siyang bigyang atensiyon at respeto, kahit na hindi siya ang nagsimula ng kanilang iglesya. (Tingnan ang paunawa sa 14-15).

(7) Ang pagtawag upang maligtas ay pagtawag upang maging banal. Ang talata ay literal na may kahulugang "Mga banal sa pamamagitan ng pagkatawag," na ang ibig sabihin ay: sila ay tunay na banal, hindi lamang itinuturing na banal o nagtataglay ng layunin na maging

banal. Ang pangungusap ay maihahambing sa pangungusap sa talatang 1, kung saan sinabi ni Pablo na siya ay isang apostol dahil sa pagkatawag sa kanya na maging isang apostol. Hindi ito nangangahulugan na sinisikap niya, o umaasa siya na maging apostol, kundi siya ay ginawang apostol dahil sa pagkatawag sa kanya. Ang mga mananampalatayang Romano ay naging banal dahil sa pagkatawag na maging banal. Kung paanong ang pagkatawag na maging apostol ay may kalakip na mga kaloob at kakayahan para sa ministryong iyon, ang pagkatawag upang maging banal ay may kalakip ding kapangyarihan at paglilinis na nagpapaging banal sa atin. Ang pagtawag ng Diyos ay laging may kasamang biyaya upang tuparin ang pagkatawag.

Ang kabanalan na nagsisimula sa pagbabalik-loob ay hindi kumpleto sa lahat ng bahagi. Ang mananampalataya ay dapat "lumakad sa liwanag," na ang ibig sabihin ay nagpapatuloy na pagbabago sa kanyang buhay upang maayon sa katotohanan ng Diyos habang natututuhan niya ito. Dapat ding dumating ang mananampalataya sa puntong mapagtanto niya ang kanyang pangangailangan ng paglilinis ng puso. Kaya't ang kabanalan ay hindi kumpleto sa oras ng pagbabalik-loob; subali't ang kabanalan ay nagsisimula sa pagbabalik-loob kapag ang mananampalataya ay nagsisisi, itinalaga ang sarili na sundin ang Diyos, at ginawa siyang "isang bagong nilalang."

(8) Ang salitang *sanlibutan* ay karaniwang ginagamit upang tumukoy sa sibilisado, kilalang mundo sa halip na sa buong daigdig. Hindi pa nakakaabot ang ebanghelyo sa lahat ng panig ng daigdig.

(9)"Ang salitang *latreuo* [Ako'y naglilingkod] ay ginagamit sa Bagong Tipan lagi upang tumukoy sa paglilingkod na panrelihiyon Ang paglilingkod na ito ay maaaring sa pagsamba o sa pagtupad ng mga panlabas na tungkulin na may katangiang panrelihiyon."³ Naglilingkod si Pablo sa Diyos hindi lamang sa mga anyong gawaing panrelihiyon, kundi sa pamamagitan ng kanyang espitiru.

(10-12) Dito sinabi ni Pablo na nagpapalano siyang bumisita sa Roma. Nais niyang pagpalain sila sa tulong na magtatatag sa kanila sa espirituwal. Sinabi niyang mangyayari ang tulong habang sila'y magkatuwang sa kanilang pananampalataya.

Mula sa pangungusap ni Pablo, mauunawaan nating mayroong espirituwal na kaloob na dumarating sa mga mananampalataya sa pamamagitan ng kanilang pagsasama-sama. Natutupad ng Banal na Espiritu ang karamihan sa kaniyang mga Gawain sa mga mananampalataya sa pamamagitan ng iba pang mananampalataya. Ang isang taong nagpapabaya sa kanyang relasyon sa ibang mananampalataya ay mawawalan ng benepisyo ng pagtatatag ng biyaya na dumarating sa pamamagitan ng pagsasamahan. (Malawakang tinalakay ni Pablo ang pangangailangan ng bawat miyembro sa ibang miyembro sa 1 Corinto 12.)

³Hodge, *Commentary on Romans*.

(13) Nahadlangan si Pablo sa kanyang naunang balak na bisitahin sila – hindi dahil sa mga suliranin, kundi dahil prayoridad niya na ipangaral ang ebanghelyo sa mga lugar na hindi pa ito naririnig (Tingnan ang 15:20-22) Dahil naipangaral na ang ebanghelyo sa Roma, pumunta muna si Pablo sa ibang mga lugar. Gayunman, ang pagpunta doon sa ngayon ay hindi salungat sa kanyang prayoridad, dahil ang kanyang pagdalaw ay magiging isang hakbang patungo sa isang lugar na hindi pa naaabot (15:23-24).

(14) Ang mga "Griyego" ay ang mga may kultura at sibilisado ayon sa maipluwensiya ng Gresya. Ang salitang "*barbaro*" ay nangangahulugang "banyaga", na tumutukoy sa isang tao na mula sa mas primitibong kultura na mas kaunti ang epekto ng kulturang Griego. Itinuturing ng mga Griego ang mga barbaro na hindi sibilisado at walang nalalaman.

Ang salitang *matalino* ay tumutukoy sa mga taong may pinag-aralan, espesyal na sa pilosopiyang Griego; ang mga *mangmang* ay mga taong hindi pamilyar sa mataas na pinag-aaralan sa mundo. Ipinakita ni Pablo na ang kanyang ministeryo ay hindi limitado sa ilang tiyak na grupo ng mga tao. Ito ang naghanda ng kanyang ministeryo sa kanila, gayundin ipinakikita ang kanyang tungkulin bilang isang misyonero.

Sinabi ni Pablo na siya'y may pagkakautang sa bawat isang dapat makarinig ng ebanghelyo. Hindi nagkautang si Pablo dahil dapat makarinig ang mga makasalanan, kundi dahil siya'y tumanggap na ng biyaya at ng tungkulin na ibigay iyon sa iba.

Paglalarawan: Halimbawang may nagbigay ng pera kay Ed upang ibahagi iyon kay Richard. Ngayon may pagkakautang si Ed kay Richard kahit wala pag ginagawa si Richard upang tumanggap ng perang iyon. Katulad nito, mayroon tayong pagkakautang sa mga hindi pa nakaririnig ng ebanghelyo, dahil ibinigay na ng Diyos sa atin ang tungkuling ibahagi iyon sa kanila.

► Ang bawat Kristiyano ba ay may pagkakautang na ibahagi ang ebanghelyo? Bakit?

(15) "Ang lahat ng nasasaakin" ay nangangahulugang lahat ng kanyang lakas at kakayahan ay nakaukol na sa kanyang gawain.

Sinimulan niya ang kanyang pangunahing tema sa pagsasabing, "Nakahanda akong ipangaral ang ebanghelyo sa inyo," pagkatapos ay maikling ipinaliwanag kung ano ang ebanghelyo at bakit ito kailangan ng mundo. Ang maikling paliwanag na ito ay pinalawak pa sa kabuuan ng liham.

Muling ipinakita ng talatang 14-15 kung bakit kuwalipikadong pumunta sa kanila si Pablo. Mayroon siyang mensahe na para sa lahat ng tao sa mundo. (Tingnan ang paunawa sa talatang 5-6)

(16) Ang ebnghelyo ay para sa Hudyo at sa Griego, at ang pangungusap na ito ay nagpapakilala sa paksa ng mga Hudyo at mga Gentil at ang kanilang katayuan sa harap ng Diyos. Ang paksang ito ay nagpapatuloy hanggang sa Kabanata 3. Hindi ikinahihiya ni Pablo

ang ebanghelyo, kahit sa gitna ng kapangyarihan ng imperyo, dahil ang ebanghelyo ay ang “kapangyarihan ng Diyos.”

Kumikilos ang kapangyarihan ng Diyos sa mensahe ng ebanghelyo, at ito’y nagiging epektio sa pagliligtas. Ang mga utos ng Diyos ay laging kasama ng kinakailangang kapangyarihan upang tuparin ang mga ito. Kumikilos ang kapangyarihan ng Diyos kapag binibigkas ang kanyang mga salita.⁴ Ang mga mensahero ng ebanghelyo ay umaasa sa kapangyarihan ng ebanghelyo dahil habang ibinabahagi nila ang mensahe, ginagawa ito ng Banal na Espiritu na nakakakumbinsi at nakakapagbigay-kapangyarihan sa mga nakikinig.

Para kay Pablo, ang manindigan para sa ebanghelyo ay nangangahulugan ng hindi lamang ang idepensa mo ito bilang makatotohanang layunin, kundi ang ipangaral ito bilang isang nakakapagpabagong katotohanan.

► Bakit dapat tayong magkaroon ng pagtitiwala kapag ipinapangaral natin ang ebanghelyo?

(17)“Ang matuwid ay mabubuhay sa pananampalataya” ay ang sentral at pinakamahalagang pangungusap sa aklat ng Roma.

Ang Griegong pangungusap ay ὁδὲ δίκαιος ἐκπίστεως ζήσεται.

Sa mga letrang Ingles, ito ay isusulat na, *O de dikaios ek pisteos zesetai.*

Sa ilang pagkakasalin ng Biblia, ang pagkakasunod sunod ng mga salita ay hindi nagbibigay ng malinaw na kahulugan. Ang orihinal na pangungusap ay “ang taong ginawang matuwid sa pamamagitan ng pananampalataya ay mabubuhay.”

Ito ay binanggit sa Habakkuk 2:4. Ang buong liham ng Roma ay tumutukoy sa paksa kung paano pinawawalang-sala ang tao; ibig sabihin, pinapaging matuwid (taglay ang katuwiran ng Diyos). Ang pagmamadali ng usaping ito ay ipinakita sa sumusunod na talata, dahil ang poot ng Diyos ay nakahanda para doon sa nananatiling hindi makatwiran.

Ang katuwiran ng Diyos na binanggit dito ay hindi ang “Kanyang katangian ng pagiging matuwid...kundi katuwiran na umaagos mula sa at katanggap-tanggap sa kanya,”⁵ ang katuwiran ng Diyos ay kumilos sa sangkatauhan sa pamamagitan ng kanilang pananampalataya. Ang kaparehong kaisipan ay nasa Filipos 3:9: “Ang katuwiran na nagmumula (ek) sa Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya.” Ang mga tao ay hindi lamang itinuturing na matuwid dahil sa

Ang pangkalahatang layunin ng liham na ito ay ilathala ang walang hanggan, hindi nagbabagong layunin o pahayag ng Diyos, na “Siya na sumasampalataya ay maliligtas: Siya na hindi sumasampalataya ay hahatulan.”

(John Wesley, “*Predestination Calmly Considered*”).

⁴Tingnan din ang 1 Pedro 1:23 at 25, Rom. 1:16, Heb. 4:12, 1 Cor. 1:18, Ezekiel 37:7-10, at Isaias 55:11.

⁵Alford, *The Greek New Testament*.

kapatawaran, subali't sila'y nagsisimulang tunay na maging matuwid dahil binabago sila ng Diyos.

Sa pagpapatuloy ng liham (3:21-22), sinabi ni Pablo na ang katuwiran ng Diyos na sa pamamagitan ng pananampalataya kay Hesus ay para sa lahat nang sasampalataya. Sa 5:17-10 mababasa natin ang "kaloob na katuwiran" na nagpapaging matuwid sa marami.

Ang talata na "mula sa pananampalataya hanggang sa pananampalataya" ay isang paraan ng pagbibigay-diin na pananampalataya ang tanging paraan. Ang pagbibigay-diin na ito ay pareho sa konsepto ng Protestante na *sola fide*, "sa pananampalataya lamang" bilang ang kinakailangan para sa kaligtasan.

Sa aklat ng Roma, ang salitang kamatayan ay tumutukoy sa paghuhukom ng Diyos. "Ang mabuhay" ay ang kabaligtaran na ibig sabihin ay nawasak dahil sa poot ng Diyos. Ang sinumang sumasampalataya ang siyang mabubuhay, ibig sabihin, hindi na hahatulan (tingnan ang tal. 18) Ang poot ng Diyos ay ibubuhos sa lahat maliban sa mga nakakaligtas sa paraang ito.

► Ano ang ibig sabihin kapag sinabing ang tao ay nagiging matuwid sa pamamagitan ng pananampalataya?

► Sa talatang ito, ano ang kahulugan ng "mabuhay"? Ano ang kamatayan? Ano ang kahulugan ng mamuhay sa pamamagitan ng pananampalataya.

Tatlong mga Teolohiko na Binago ng Aklat ng Roma


Ang liham ay patuloy na nagsisilbi sa orihinal na layunin nito na pagbibigay ng batayan para sa gawaing pagmisyon. Gayunman, higit pa sa rito ang natutupad. Habang ipinapaliwanag ni Pablo kung bakit kinakailangang marinig ng lahat ng tao ang mensahe, malinaw din niyang ipinaliwanag kung ano ang mensahe at bakit sa tanging paraang ito lamang sila maliligtas. Tumugon siya sa ilang karaniwang mga pagtutol. Ang paliwanag at depensang ito sa mensaheng kanyang ipinangaral ang halos buong aklat at siyang nagkontrol sa istruktura nito.

Ang taglay natin sa Aklat ng Roma ay ang paliwanag ng teolohiya ng kaligtasan. Ang theology ng kaligtasan mula kay Pablo ay nagbibigay ng agarang depensa laban sa mga Judaizers,⁶ at gayundin nagsisilbi rin ito upang itama ang mga modernong pagkakamali sa pag-aaral ng mga doktrina ng kaligtasan (*soteriology*).⁷

Sa pamamagitan ng kasaysayan, ginamit ng Diyos ang liham sa mga taga-Roma upang ipanumbalik ang karamihan sa mahahalagang katotohanan na kanila nang nakalimutan.

⁶ Inilarawan ang mga Judaizers sa ibang bahagi ng pag-aaral na ito.


⁷ Madalas na magkasamang pinag-aaralan ang Roma at Galacia, dahil ang Galacia ay hindi kasing lalim na paliwanag ng ilan sa magkakatulad na tema sa ebanghelyo.



Agustin

Taong A.D 386, itinalaga ni Agustin na iwan ang kanyang buhay na makasalanan pagkatapos mabasa ang Roma 13:13-14.⁸ Siya ang naging pinakamaimpluwesiyang teolohiko ng kanyang dantaon.

Taong 1515, naunawaan ni Martin Luther ang kahulugan ng Roma 1:17, pagkatapos hanapin sa loob ng maraming taon ang katiyakan ng kaligtasan.⁹ Sinikap niyang hanapin ang espirituwal na kapayapaan sa pamamagitan ng pagsunod sa mga ginagawa sa monasteryo nang may labis na sigasig. Siya ay nag-ayuno, isinagawa ang lahat ng ritwal ng Katolisismo, ang pinahirapan din niya ang kanyang sarili.




Martin Luther

Habang siya'y gumagapang na may dumudugong mga tuhod sa mga baytang ng St. Peter's Cathedral sa Roma bigla niyang natanggap mula sa Diyos ang pagkaunawa sa biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya.

Naunawaan niya na ang taong makaliligtas sa paghatol ng Diyos ay iyon lamang naniniwala sa pangakong pagpapatawad ng Diyos. Ang katiyakang ito ang naging batayan ng kanyang mensahe na tanging pananampalataya lamang ang paraan kung paano tayo maliligtas.

Taong 1739, natagpuan ni John Wesley ang katiyakan ng pansariling kaligtasan na maraming taon niyang hinanap.¹⁰ Si Wesley ay naging isang masigasig na iskolar ng Biblia. Namuhay siya ng isang maingat, at relihiyosong buhay. Nagmisyonero din siya sa loob ng dalawang taon sa mga katutubong Indiyano ng Amerika, subali't hindi pa ganun kalinaw ang kanyang pagkaunawa sa ebanghelyo. Sa barko sa panahon ng bagyo, nakita niya ang mga pamilyang Morabyan na mapayapang nagtitiwala sa Diyos at hindi natatakot sa kamatayan, at napagtanto niya na hindi siya nagtataglay ng gayung pananampalataya.



John Wesley

Nakita ni Wesley sa Kasulatan na ang pagbabalik loob ay biglang nangyayari. May nakilala rin siyang magkapatid na Morabyan na nagpatotoo na sila ay may personal na katiyakan ng kaligtasan. Nagsimula siyang mapagtanto na kailangan niyang maranasan ang tiyak na pagbabalik-loob. Ang kanyang pagbabalik-loob ay nangyari habang siya'y nasa isang pagpupulong ng grupo sa isang bahay upang mag-aral at manalangin. Habang may isang bumabasa sa paunang-salita ni Luther sa aklat ng mga taga-Roma,

⁸ Image: "Saint Augustin", by Jusepe de Ribera, Goya Museum, uploaded by Aristoi, retrieved from https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Saint_Augustin,_Jos%C3%A9_de_Ribera,_Mus%C3%A9_Goya.jpg, public domain.

⁹ Image: "Martin Luther, 1529" by Lucas Cranach the Elder, retrieved from https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Martin_Luther,_1529.jpg, public domain.

¹⁰ Image: "Bildnis des John Wesley", by John Greenwood, retrieved from the Leipzig University Library <https://www.flickr.com/photos/ubleipzig/17059576182/>, public domain.

naramdaman ni Wesley ang kanyang puso ay “may kakaibang init.” Sinabi niya, “Naramdaman ko na tunay na nagtiwala ako kay Kristo, kay Kristo lamang para sa aking kaligtasan; at ang katiyakan ay ipinagkaloob sa akin na kinuha na niya ang *aking* mga kasalanan, ang aking sariling kasalanan, at iniligtas ako mula sa batas ng kasalanan at kamatayan.”¹¹

Sa lahat ng tatlong lalaking ito, ang pagkaunawa sa mensahe ang naging motibasyon para sa masigasig na pag-eebanghelyo. Tinutupad ng aklat ang kanyang layunin ng pagbibigay ng batayan para sa pagmimisyon sa pagpapaliwanag ng teolohiya ng kaligtasan.

► Ano ang iyong maiisip na epekto ng aklat ng Roma sa iyong buhay at ministeryo?

¹¹ John Wesley, *The Works of John Wesley, Vol. I* (Kansas City: Nazarene Publishing House), 103.

Pagbabalik-Aral sa Aralinn at Pagsusulit: Aralin 1

- (1) Bakit isinulat ni Pablo ang liham sa mga mananampalataya sa Roma?
- (2) Bakit nais ni Pablo na magtungo sa Roma?
- (3) Ano ang kahulugan ng salitang Panginoong Hesu-Kristo sa mga sulat sa Bagong Tipan?
- (4) Paano pinatunayan ng muling pagkabuhay ang pagkakakilanlan ni Hesus bilang ang Anak ng Diyos?
- (5) Paano natin nalalaman na wala nang mga apostol sa kasalukuyan?
- (6) Ipaliwanag ang salitang barbaro.
- (7) Bakit may utang ang ebanghelista na ibahagi ang ebanghelyo?
- (8) Ano ang ibig sabihin ni Pablo sa pangungusap na "Ang pinawalang-sala sa pamamagitan ng pananampalataya ay mabubuhay"?
- (9) Ano ang ibig sabihin ng kamatayan sa aklat ng Roma?

Aralin 1 Takdang-aralin:

- (1) Gamit ang talata galling sa araling ito, sumulat ng isang pahina tungkol sa ministeryo ng ebanghelyo. Ipaliwanag ang pagkatawag sa ministeryo, ang utang ng ebanghelista sa mga dapat makarinig nito, at ang kapangyarihan na ibinibigay ng Diyos sa mensahe.
- (2) Sa mga linggo ng kursong ito, ang mag-aaral ay dapat maghanda ng tatlong sermon o aralin batay sa mga talata ng Roma at iprisinta ang mga iyon sa mga grupo bukod sa klase. Pagkatapos ng bawat presentasyon, dapat niyang hilingin sa ilan sa mga tagapakinig na sabihin sa kanya kung paano pa mapabubuti ang kanyang presentasyon. Dapat niyang bigyan ang tagapanguna ng klase ng kopya ng kanyang listahan sa presentasyon, isang paglalarawan sa grupo at okasyon nang siya'y magsalita, at ang kanyang mga plano sa pagpapabuti ng kanyang presentasyon.

Aralin 2

Ang Pagkakamali ng Hentil

Mga Direksiyon para sa Lider ng Klase

Dapat kolektahin ng tagapanguna ng klase ang mga nakasulat na takdang-aralin mula sa sinundang aralin. Hilingan ang ilan sa mga mag-aaral na pag-usapan ang kanilang mga isinulat.

Itanong ang mga tanong sa pagbabalik-aral mula sa sinundang aralin. Magbalik-aral at itama ang mga sagot kung kinakailangan.

Ang Iglesya sa Roma

Ang Lunsod: Sa panahon ni Pablo, ang Roma ang pinakamalaking lunsod sa mundo, na may higit sa isang milyong mamamayan.¹² Mayroong halu-halong grupong etniko, lengguwahe, at relihiyon. Ang karamihan sa mga tao ay mga alipin.

Ang Mga Unang Misyonero sa Roma: Hindi natin nalalaman kung sino ang pinakaunang nagdala ng ebanghelyo sa Roma. Sa araw ng Pentekostes, may mga Hudyo mula sa Roma (Mga Gawa 2:10). Ang mga nagbalik-loob ay tiyak na dinala ang mensahe ng ebanghelyo pabalik sa Roma. Ang kanilang pagpapahayag na ang Mesiyas ay dumating na ay maaaring lumikha ng labis na tuwa at kontrobersiya. Ang ebanghelyo ay maaaring lumaganap nang mas mabilis sa mga Hentil na noon ay rumirespeto na sa Judaismo.

Si Pedro? Walang dahilan upang paniwalaan na ang iglesya sa Roma ay pinasimulan ni Pedro, tulad ng pinaniniwalaan ng Simbahang Katoliko Romano. Sa mga pagbati sa Kabanata 16, binanggit ni Pablo ang iba't-ibang tao na nasa Roma, subali't hindi kabilang si Pedro. Hindi binanggit ni Pablo si Pedro sa alinman sa kanyang mga liham sa panahon ng kanyang pagkabilanggo sa Roma.¹³

Isang Iglesyang Hentil: Bagaman ang mga Hudyo ay tinukoy sa ilang parte ng liham, karamihan sa miyembro ng iglesya sa Roma ay mga Hentil. Tinawag sila ni Pablo na Hentil (1:13-15) at sinabi na dahil siya'y may pagkakautang kapwa sa mga Griego at mga barbaro, siya ay handang mangaral sa mga taga-Roma. Gayunman, ang impluwensiyang Hudyo sa iglesya sa Roma ay malakas, dahil ang mga unang mananampalataya doon ay mga Hudyo.

¹²Wilkinson & Boa, *Talk through the New Testament*, 373.

¹³ Si Charles Hodge ay tumingin sa mga naunang sources na nagsasabing si Pedro ang nagsimula ng iglesya sa Roma at ipinakita kung bakit hindi mapagtitiwalaan ang mga iyon. *Commentary on the Epistle to the Romans*, 11.

Posible na hindi gaanong malinaw na naipaliwanag ang ebanghelyo sa paraang ipinapakita sa mga mananampalataya ang kanilang kalayaan mula sa batas ng Judaismo.

Panimula ng Talata sa Kasulatan

Dahil ang layunin ni Pablo ay isulong ang gawaing pangmisyon, natural na lalabas ang tanong na, “Talaga bang kinakailangan ng lahat ang pagpapawalang-sala sa pamamagitan ng pananampalataya?” Tatal, may mga bagay na hindi kinakailangan ng lahat ng tao. Hindi nangangailangang dalhan ng yelo ang mga tao sa Arctic, o kaya’y ng buhangin ang mga naninirahan sa disyerto.

May mag-iisip na marahil ang pagpapawalang-sala sa pamamagitan ng pananampalataya ay hindi isang bagay na kinakailangan ng lahat ng tao sa mundo; marahil ang ilang tao ay nakapamuhay na ng matuwid at katanggap-tanggap na sa Diyos. Ang ikalawang bahag ng liham (1:18-3:20) ay isinulat upang ipakita na ang lahat ng tao ay nangangailangan ng pagpapawalang-sala sa pamamagitan ng pananampalataya at, samakatuwid, kinakailangan nila ang mensahe tungkol dito.

Pangunahing Punto ng 1:18-3:20

Ang lahat ng tao sa mundo ay lumabag sa mga hinihingi ng Diyos at nasa ilalim ng paghatol. Walang sinumang maliligtas batay sa pagtupad sa mga hinihingi ng Diyos dahil ang bawat isang tao ay lumabag na sa mga ito.

Buod ng Seksiyon (1:18-3:20)

Sa una, inilarawan ni Pablo ang kalagayan ng mga paganong Hentil na hindi nagtataglay ng nahayag na Salita ng Diyos at ipinapakita na tinanggihan nila ang kaalaman tungkol sa Diyos na ipinakita niya sa kanila sa sangkalikhaan. Pagkatapos, inilarawan niya ang kalagayan ng mga Israelita, na nagtataglay ng nasusulat na Salita ng Diyos subali’t hindi nila tinupad. Nagwakas siya sa paglalarawam ng pangkalahatang pagiging makasalanan ng mundo. Ang pagwawakas ay ang buong mundo ay maysala sa harap ng Diyos. Ang ebanghelyo ay kinakailangan dahil walang sinumang maliligtas sa pamamagitan ng sariling pagiging matuwid.

Para sa mga araling ito, ang Ikalawang Bahagi (1:18-3:20) ay hahatiin sa tatlong talata. Sa araling ito, pag-aaralan natin ang unang talata: “Ang Pagkakamali ng Hentil: Pagtangga sa Diyos sa Pagsamba sa Diyos-Diyosan” (1:18-32).

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang 1:18-32 para sa grupo.

Ang Pagkakamali ng Hentil: Pagtangga sa Diyos Para sa Pagsamba sa Diyos-diyosan (1:18-32)

Ang Talatang 18 ay ang talata ng paglipat sa pagitan ng talatang ito at ng sinundang talata.

Pangunahing Punto ng 1:18-32

Ang mga Hentil ay may simpleng kaalaman tungkol sa Diyos, subalit tinanggihan iyon at bumaling sa mga diyos-diyosan, kayat lubusan silang naging kaawa-aw.

Paunawa sa Bawat Talata

(18) Binigyan sila ng Diyos ng basic na kaalaman tungkol sa kaniya. Sugpuin (parehong pandiwa na ginamit sa 2 Tesalonica 2:6-7) nila ang katotohanan. Ipinahihiwatig nito na sila'y nagtataglay ng katotohanan, na ipinaliliwanag ng sumusunod na talata. Ang kanilang kahatulan ay dahil tinanggihan nila ang katotohanang taglay na nila. "Ang Asebeia [kawalan ng pagkilala sa Diyos] ay naglalarawan sa paglabag sa panrelihiyong usapin at nakikita iyon sa pagsamba sa diyos-diyosan, ang pagsamba sa nilikha sa halip na ang Manlilikha (1:29-23). Ang *Adikia* [kawalang katwiran] ay nangangahulugan ng kalikuan sa moral, at inilalarawan ng imoralidad at kabuktutan (1:24-32)."¹⁴

Ang katotohanan na kanilang sinupil ay nasa talatang 20. Kabilang dito ang kaalaman sa awtoridad ng Diyos sa kanila. Ang kanilang paraan ng pamumuhay ay nagpapakita na tinatanggihan nila ang awtoridad ng Diyos, kapwa sa kanyang ginagawa at sa kanyang mga hindi ginagawa.

► Ano ang ilang paraan na nahahayag ang katotohanan ng Diyos sa lahat ng mga tao?

Pagtuunan ng Pansin: Mga Klase ng Kapahayagan- Espesyal at Pangkalahatan

Dahil ipinahayag ng Diyos ang katotohanan sa maraming pamamaraan, pinag-uusapan natin ang dalawang kategorya: pangkalahatang kapahayagan at espesyal na kapahayagan. Tinukoy ni Pablo kapwa ang dalawang ito sa aklat ng Roma, bagaman hindi gamit ang mga salitang ito.

Ang pangkalahatang kapahayagan ay kung ano ang nauunawaan natin tungkol sa Diyos sa ating pagtingin sa kanyang nilikha. Nakikita natin ang kahanga-hangang katalinuhan at kapangyarihan ng Diyos sa disenyo ng sanlibutan.

Nakakikita tayo ng kahalagahan tungkol sa Diyos sa paraan ng pagdisenyo niya sa tao. Ang katotohanan na tayo'y nakapangangatwiran, napapansin natin ang kagandahan, at nasasabi natin ang pagkakaiba ng tama at mali (bagaman hindi laging tama) ay nagpapakita sa atin na ang ating Manlilikha ay nagtataglay dapat ng mga katangiang iyon sa mas mataas na antas. Alam natin na ang Diyos ay dapat nakapag-iisip at may kakayahang magpahayag, dahil taglay natin ang mga kakayahang iyon. (Tingnan ang Awit 19: 1-4 at 94:9)

Dahil ang pangkalahatang kapahayagan ay nagpapakita sa atin na ang Diyos ay nakapagsasalita, napagtatanto natin na maaaring magkaroon ng espesyal na rebelasyon.

¹⁴William Greathouse, *Commentary on Romans*.

Ang Diyos ay isang persona¹⁵ at may kakayahang makipag-usap sa kanyang mga nilikha na may kakayahang mag-isip. Nakatutulong ito upang mapagtanto natin na maaaring magkaroon ng mga mensahe mula sa Diyos at maging ang isang aklat mula sa Diyos.

Sa pangkalahatang kapahayagan, nalalaman ng tao na mayroong Diyos, na dapat nila siyang sundin, at sinuway na nila siya (Roma 1:20). Subali't hindi sinasabi sa atin ng pagkalahatang kapahayagan kung paano tayo magkakaroon ng tamang relasyon sa Diyos. Ipinakikita ng pangkalahatang kapahayagan ang pangangailangan natin ng espesyal na kapahayagan, dahil ipinakikita nito na ang mga tao ay makasalanan at "walang maidadahilan" sa harap ng kanilang Manlilikha.

Ang espesyal na kapahayagan ay nangyari sa inspirasyon ng Biblia at sa kapanganakan ni Kristo. Ang espesyal na kapahayagan ay nagpapaliwanag sa kundisyon na ipinakikita ng pangkalahatang kapahayagan na kinalalagyan natin: nahulog sa kasalanan at makasalanan. Inilalarawan ng espesyal na kapahayagan ang katangian ng Diyos, ipinaliliwanag ang Pagkahulog at kasalanan, at ipinakikita kung paano tayo makikipagkasundo sa Diyos.

Paunawa sa Bawat Talata (Patuloy)

► Ano ang sinasabi ng espesyal na kapahayagan sa atin nang higit sa ating nalalaman mula sa pangkalahatang kapahayagan?

(19) Sa pagmamasid sa sannilikha nakikita natin ang katotohanan tungkol sa Diyos. Maging ang mga pilosopong Griego ay kumilala na tunay na mayroong maka-Diyos na pag-iisip na siyang nagkokontrol sa sanlibutan. Ang isang espesyal na mahalagang bahagi ng sannilikha ay ang kalikasan ng tao. Makikita natin ang katotohanan tungkol sa pag-iral at kalikasan ng Diyos sa pamamagitan ng pag-oobserba na ang tao ay may moral na kamulatan sa moral patungkol sa tama at mali. (Tingnan ang talatang 32, "siya na nakakaalam....")

► Ano ang mauunawaan natin tungkol sa Diyos kapag tinitingnan natin ang tao?

(20) Mula sa sannilikha nalalaman ng tao na sila ay nilikha at ang Diyos ay may walang hanggang kapangyarihan at awtoridad ("*Godhead*") sa kanila.¹⁶ Ito ay sapat na kaalaman upang mawalan ng maidadahilan para sa kanilang pagtanggì sa Diyos. Ito ay kapantay ng katarungan para sa kanila upang mahatulan dahil sa kanilang mga kasalanan. Alam nila na sila ay nagkasala ng pagrerebelde (Tingnan ang paunawa sa talatang 32). Ang katotohanan

¹⁵ Hindi natin sinasabi na ang Diyos ay isang tao; kundi Siya ay isang persona—may kakayahang mag-isip, may kalooban at nakikipag-usap—sa halip na isa lang impersonal na lakas.

¹⁶ Ang salitang *kapangyarihan* na ginamit dito ay galing sa Griegong salitang *dunamis*, na tumutukoy sa kapangyarihan sa halip na hich refers to power rather than to authority; kaya ang kapangyarihan at awtoridad ay parehong nabanggit sa talatang ito.

na nalalaman nila ang mga bagay na ito tungkol sa Diyos at sa kanilang sarili, sagayun wala na silang maidadahilan.

Ang katarungan ng Diyos ay nagsasabi na kailangang maipakita na ang kasalanan ay ayon sa kagustuhan bago ito parusahan. Kinakailangan rin na ang kaalamang taglay nila ay sapat sa kanila upang sana ay mas pinili nila ang mas mabuti. Kung posible sana sa kanila na iba ang kanilang piliin, sa gayun hindi sila masasabing "walang maidadahilan." Dito ipinapaliwanag ng Diyos ang kanyang sarili. (Para sa mas maraming talakayan tungkol sa konseptong ito, tingnan ang Pagtuunan ng Pansin sa Aralin 9 na may pamagat na "Ang Katarungan ng Diyos sa Paghatol.")

"Kung ang ugat ng kasalanan ng tao ay religious perversity, ang bunga ay moral corruption"
-William Greathouse,
Commentary on Romans

Halos lahat ng kultura sa mundo ay may palagayin na mayroong makapangyarihang Diyos na lumikha sa mundo. Karaniwan sumasamba sila sa ibang sodrenatural na kapangyarihan sa halip na ang Diyos dahil alam nila na sila ay nahihwalay mula sa pinakamakapangyarihang upreme na Diyos. Hindi sinikap ni Pablo na patunayan ang pag-iral ng Diyos, subali't itinuro niya na ang pag-iral at awtoridad ng Diyos ay nalalaman sa bawat kultura. Ang kaalamang ito ang nag-aakay sa pakiramdam ng pagiging makasalanan.

May mga limitasyon sa pangkalahatang kapahayagan. Ang kaalaman tungkol kay Kristo at ang ebanghelyo ay hindi inihayag maliban sa pamamagitan ng espesyal na kapahayagan. Gayundin, hindi inilarawan ng tumpak ng mundo ang Diyos, dahil ito ay nasa ilalim ng sumpa ng kasalanan at hindi lubusng ipinapakta ang orihinal na disenyo nito. Ang sannilikha ay katulad ng isang magandang larawang nakapinta na may maputik na marka ng tapak. Nasira na ito, subali't ang ilan sa orihinal na ganda nito ay nananatili pa rin, na nagpapakita ng ilang bagay tungkol sa pintor.

(21-22) Karapat-dapat luwalhatiin ng tao ang Diyos bilang Diyos (sambahin) at pasalamat (purihin). Subali't tinutulan nila ang kanyang awtoridad sa halip na maging mapagpasalamat sa mga tinanggap nila mula sa kanya. Nais nilang sila'y maging Diyos, na kinukuha ang karangalan para sa lahat ng kanilang tinatangkilik. Ang pagpapahayag ng ganung independiyenteng pagiging Diyos ay kahangalan.

Naging madilim ang kanilang mga puso. Ang puso ang kumakatawan sa kalooban at katapatan ng isang tao. Ang liwanag ay kumakatawan sa katotohanan. Dahil tinanggihan nila ang katotohanan, nawala ang kanilang kakayahan na makita iyon. Nawala ang kanilang pag-unawa sa mga espirituwal at mga bagay na pangwalang-hanggan, kung kaya't hindi rin nila nauunawaan nang tumpak ang materyal na mundo.

(23, 25) Ang pinagtutuunan nilang ng pansin sa kanilang mga sarili at sa materyal na mundo at ang pagtanggap sa Manlilikha ay nag-akay sa kanila upang gumawa ng mga diyos-diyosan na nagpatunay sa kanilang bumagsak na kalikasan. Inilipat nila sa mga nilalang ang luwalhati na para lang sa Diyos. Upang iwasan ang responsibilidad nila sa Manlilikha, itinatanggap nila ang kanyang pag-iral at pinarangalan ang nilalang. Ang ugali na ito ang batayan ng modernong ebolusyon at humanismo. Kung ginawa ng tao ang kanilang sarili, sagayun maaari rin nilang itakda ang kanilang sariling layunin, pinahahalagahan at moralidad.

Ang kahulugan ng pagsamba sa diyos-diyosan ay ang paglilingkod at pagsamba sa nilikha. Ang paglilingkod sa isang bagay ay ang pagbibigay sa bagay na ito ng pangunahing puwesto sa iyong buhay at itakda ang iyong buhay ayon sa prayoridad na iyon. Ang pagsamba sa isang bagay ay ang pagbibigay ng pagtitiwala at karangalan na tanging sa Diyos lamang nauukol. Ito ay ang pag-asa na makukuha mo ang kasiyahan mula sa mga bagay na nilikha lamang na tanging ang Manlilikha lamang ang makapagbibigay. Ang modernong materyalismo ay pagsamba sa diyos-diyosan. Ang isang tao ay hindi maaaring magparangal sa materyal na mga bagay nang hindi nababawasan ang kanyang pagsamba sa Diyos.¹⁷

► Paano tumugon ang mga Hentil sa kaalaman nila tungkol sa Diyos?

(24) Ang talatang ito ay nagpapakilala sa tema na pinalawak sa talatang 26-27. Ang pag-ibig na pagsamba sa diyos-diyosan ay natural na nagbubunga ng imoralidad, kabilang ang kasalanang seksuwal. Ginagawang prayoridad ng kasalanang seksuwal ang katawan, subali't ang



Ang relihiyon sa Roma ay may malaking pagkakaiba-iba. Naniwala sila sa maraming Diyos. Pinanatili nila ang marami sa mitolohiya ng mga Diyos na Griego, binabago ang ilan sa mga pangalan. Kapag nalupig nila ang mga teritoryo, karaniwang tinatanggap din nila ang mga local na Diyos sa kanilang relihiyon. Naniniwala sila na ang ilan sa mga Diyos ay mahalaga lamang para sa tiyak o partikular na lugar. Hindi sila naniniwala sa isang pinakamakapangyarihang Manlilikha tulad ng Diyos ng Judaismo at Kristiyanismo. Nakasama ang relihiyon sa lahat ng parte ng buhay, kabilang na ang pamahalaan. Ang mga Kristiyano ay inusig dahil hindi sila nakilahok sa mga pampublikong gawaing pangrelihiyon.

¹⁷ Image: "Athena Pallas austrian Parliament", taken by Jebulon on Feb 20, 2012, retrieved from https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Athena_Pallas_austrian_Parliament.jpg, public domain.

katotohanan, nilalapastangan niya ito dahil ang katawan ay dapat maging banal at nakalaan sa paglilingkod sa Diyos.

(26-27) Imoralidad ang natural na resulta ng pagluwalhati sa sarili at pagsang-ayon sa kanilang makasariling mga pagnanasa na siyang naghahari sa kanya. Kapag nanaig ang mga pagnanasa, nagiging baluktot sila. Hindi niya maaaring mahal nang maayos ang sinuman o ikatuwa ang anuman nang maayos malibang minamahal niya nang lubusan ang Diyos. Ipinakikilala ng talatang 24 ang paksang ito at ipinapakita ang ugnayan sa pagitan ng imoralidad at pagtangga sa Diyos.

Ang lahat ng kasalanan ay pagbaluktot; ang pagbaluktot na seksuwal ay mas lantad lamang kaysa ibang mga kasalanan. Mas lumalayo ang isang tao mula sa daan ng Diyos, mas brutal, mas malupit, at mas baluktot ang kanyang pananaw at pamumuhay. May mga tao na nag-iisip na mayroong mga simpleng kultura na namumuhay nang mas mabuting buhay dahil hindi sila napasasama ng sibilisasyon. Ang katotohanan ay: ang mga taong kabilang sa mga ganitong mga kultura ay nabubuhay sa takot sa kamatayan at sa sobrenatural; nagsasagawa sila ng malulupit na kaugalian; at pinagdudusahan ang mga resulta ng isang baluktot, makasalanang paraan ng pamumuhay.

Nilikha ang tao upang gumanap bilang taong may relasyon sa Diyos. Kung siya ay hiwalay sa Diyos, hindi siya tunay na magiging kung ano ang layunin ng Diyos sa sangkatauhan. Nagkukulang siya maging sa kanyang sariling mga ninanais. Ang mga ideyal ng pagiging lalaki at babae ay nagiging mahirap abutin para sa isang taong walang Diyos. Ang seksuwal na kabaluktutan ay ang pinakalantad na sukduhan, subali't ang bawat tao ay apektado ng pagkawala ng tunay na pagkatao sa iba't-ibang paraan. **Ang pagtangga sa Diyos bilang Diyos ay katumbas ng pagtangga sa tao bilang tao. Ang pagtanggong sambahin ang Diyos ay katumbas ng pagtangga sa iyong sariling pagiging tao.**

Nakatatatwa, ang mga sumasamba sa anumang nilalang ay nauwi sa pagkaligaw maging ang nilikha mismo, taliwas sa likas na pagkakalikha. Kapag pumapayag tayo na ang ating sarili ay mapagharian ng natural na naisin, ang mga naising iyon ay nagkakaroon ng mga sukduhan, hindi natural na mga anyo.

Nakatatatwa na kapag ang isang tao ay nagpaparangal sa mga naisin ng kanyang katawan nang higit sa Diyos sa wakas hindi na niya igagalang ang kanyang katawan. Ang mga bahagi ng katawan na sinasamba sa seksuwal na kasalanan ay ang parehong mga bahagi na binabanggit nila kapag nais nilang magsalita ng mga bagay na malaswa at nakakainsulto.

Karaniwan ang mga babae ay hindi kasimbilis ng mga lalaki na mahulog sa seksuwal na imoralidad at pagkabaluktot. Natural sa kanila ang pagnanais na protektahan ang pagiging buo ng pamilya. Ang talatang "maging ang kanilang mga babae" ay nagpapakita na ang kabuktutan ng kanilang lipunan ay kumpleto.

► Ano ang ilan sa mga anyo ng kabaluktutan ang karaniwan sa inyong lipunan?

Ang makasalanang kundisyon na kanilang pinasok ay tinatawag na “kabayaran”, kung ano ang nararapat na kanilang tanggapin. Ang kalagayan ng pagiging makasalanan ay isang angkop na parusa sa kasalanan, na nagbubunga ng paghihirap at kahihiyang sa kanyang lumalago, at hindi nasisiyahang mga pagnanasa at ang resulta ng kabututan.

Ang Tugon ng Kristiyano sa Kasalanang Homosekswal

¹⁸Sa panghuling pag-analisa, walang anumang hibla ng ebidensiya na kinikilala ng Biblia ang katotohanan ng “mapagmahal, itinatalaga ang sarili na homosekswal (o lesbian) na mga relasyon.” Kung ito ang kaso, makakaasa tayo na makakita ng kahit man lang hibla ng katuruan sa kabuuan ng Kasulatan patungkol sa mga gayong pag-uugnayan –katulad ng ginawa sa bawat ibang anyo ng pag-uugnayan ng mga tao (halimbawa: asawang lalaki at asawang babae, magulang at anak, mamamayan at pamahalaan). Sa halip, walang isa mang talata ang nagpapahiwatig ng posibilidad ng gayung pag-uugnayan ay nagiging katanggap-tanggap sa mata ng Diyos.

Hindi ang pagtukso, pakiramdam ng pagmamahal at pagkaakit sa pagitan ng dalawang tao, o ang hamon sa ating mga kaluluwa ang ipinagbabawal ng Kasulatan. Sa katotohanan, sinasabi ng Diyos sa atin na siya ay malapit sa mga nagdurusa, sa naguguluhan, at sa tinutukso. Nangyayari ang kasalanan kapag ang mga mapagnasang mga kaisipan ay pinanatili sa isipan o nakisama tayo sa mga kaugaliang nasa labas ng disenyo ng Diyos.

Ang angkop na tugon sa homosekswalidad (kabaklaan) mula sa iglesya ay dapat may mahabagin na pag-ibig, mabanayad na katotohanan, at ang tunay na kababaang loob. Ang tatlong sangkap na ito ay mahalaga at kinakailangan sa pare-parehong dami. Ang pagmamahal sa iba ay nangangahulugang pananatili sa kanilang tabi – sa mabuting panahon at sa mahirap na panahon. Nangangahulugan ito ng pag-aalaga sa kanila at pag-aabot ng pag-ibig ni Kristo tumalikod man sila o hindi sa kanilang kasalanan. Ang pagmamahal sa iba ay nangangahulugan na titingnan mo sila ayon sa mga mata ni Kristo, kung paanong tinitingnan niya (at patuloy na tinitingnan) tayo sa ating mga kasalanan. Madalas, ang ating kaugnayan sa ibang tao ang nagsisimulang gumabay sa taong iyon patungo sa isang nakapagliligtas na ugnayan kay Kristo. Kaya naman, ito’y gawain ng Banal na Espiritu, na karaniwang kumikilos sa loob ng isang iglesya lokal, upang papanumbalikin sa pagiging buo.

Gayunman, ang pagmamahal sa isang tao ay nangangahulugan rin ng pagsasalita ng katotohanan, kahit pa ito’y tanggapin nang may pagkagalit o pagwawalang-bahala. Ang pagbabahagi ng Salita ng Diyos ay maaarin makapagligtas sa isang lalaki o babae mula sa habambuhay ng mga maling desisyon, pagkalito, kasalanan at pagdurusa. Taglay natin ang mapa ng daan patungo sa buhay; subali’t mahalaga na makuha natin ang karapatan na

¹⁸ (Mula sa artikulong “*What Does the Bible Say about Homosexual: Answering Revisionist Gay Theology*” mula sa *Focus on the Family*. Para sa buong artikulo, bisitahin ang: http://media.focusonthefamily.com/fotf/pdf/channels/social-issues/what-does-the-bible-say_final3.pdf?refcd=209501)

tayo’y mapakinggan, makinig nang may bukas na puso, at gamitin ang Kasulatan nang may pag-ibig at wastong pag-unawa. Hindi lahat ay nakahandang tanggapin ang ilang katuruang ayon sa Biblia. Ang pagtitiyaga at kahinahunan ang dapat gumabay sa ating mga talakayan tungkol sa katotohanan.

Ang tunay na kababaang loob ay bahagi rin ng ekwasyon. Binubuo ito ng pakikipag-usap at panahon kasama ng Diyos; pagkilala, pag-amin at pagtalikod mula sa ating sariling kasalanan; at pagyakap sa malalim na pag-ibig ng Diyos na ipinadama niya sa krus. Ang mga aktibistang homosekswal (kabaklaan) ay gumagawa ng mga daang papasok sa bawat bahagi ng ating kultura. Dapat nating hayaan ang pag-ibig at habag ang ating motibo—sa halip na takot, galit at pagkasuklam.

Paunawa sa Bawat Talata *pagpapatuloy*

(28) Dahil tinanggihan nila ang Diyos sa kanilang pag-iisip gayundin sa kanilang paraan ng pamumuhay, ang kanilang paraan ng pag-iisip at pilosopiya sa buhay ay naging kasingbaluktot ng kanilang pagkilos. May isang laro sa mga salita sa Griego na nagpapakita na dahil tinanggihan nila ang Diyos, iniwan sila ng Diyos sa isang isipang itinatangi ng Diyos –ibig sabihin, tumigil na sa pag-impluwensiya. Binigyan ng Diyos ang tao ng malayang kalooban at hinayaan itong gumawa sa sarili. Pagkatapos ng ilang panahon, hinahayaan ng Diyos ang mga lubusang tumanggi sa kanya upang maging “malaya” sa kanyang impluwensiya. Ang kanilang kaisipan sa gayun ay sumusunod sa daan ng kasalanan nang hindi hinahadlangan ng Diyos.

Ang mga pangungusap na iniwan na sila ng Diyos at ibinigay na sila ng Diyos (24, 26, at 28) ay nagpapahiwatig na ang mga taong ito ay nasa kundisyong walang pag-asa at gumawa ng mga pagpiling hindi na nila mababaligtad (ihambing sa 2 Tesalonica 2:10-12).

Ang pag-iisip ay apektado ng kasamaan (*depravity*). Ang mga taong inaakalang matatalino ay pilay sa pag-iisip kapag sila’y dapat magdesisyon tungkol sa mga usaping moral. Upang ipagtanggol ang kanilang mga ikinikilos, nagbibigay sila ng mga dahilan na hindi nila tatanggaping tama sa ibang praktikal na bahagi ng buhay.

"Mahirap matanto ang lubos na sira na idinudulot ng kasalanan sa personalidad ng isang tao. Lampas pa sa kahinaan ng kalooban na siyang bumigay at pagtawag ng mga napukaw na emosyon, naroon ang kaisipan na pinahina at pinapaging alipin ng pagnanasa. Tinuruan itong magbigay ng mga pagdadahilan sa halip na ibigay ang tunay na pangangatwiran. Nagpapasya muna, at pagkatapos ay saka mag-iisip. Nagbibigay ito ng pagdadahilan, sa halip na mga dahilan. Kung minsan nagsasabi ito ng mga katotohanan subalit hindi sa lahat ng pagkakataon. Hindi ito mapagkakatiwalaan....ipinagpalit niya ang katotohanan sa kasinungalingan, ang Diyos para sa pagsamba sa diyos-diyosan, katalinuhan sa kamangmangan..."

(Wilbur Dayton, *Aldersgate Biblical Series: Study Guide, Romans*).

► Ano ang ilang halimbawa ng hindi makatwirang pagdadahilan na ibinibigay ng mga tao para sa kanilang mga kasalanan?

(29-31) Sa mga talatang ito, nakikita natin ang isang listahan ng mga matitinding kasalanan. Hinahadlangan ng kultura at ng pamahalaan ang mga tendensiyang ito, subali't ang mga ito'y nananatili sa puso ng makasalanang tao. Kung aalisin ang mga paghadlang ng kultura at pamahalaan, maraming tao ang madaling magiging mga malupit.

Ang mga kasalananang nakalista dito ay walang depinisyon na lubusang magbubukod dito mula sa iba, subali't narito ang ilan sa mga pangunahing ideya na ipinahihiwatig.

Kawalang katwiran – isang pangkalahatang termino, marahil naglalaman ng lahat ng iba pa.

Pornikasyon – anumang klase ng imoralidad na seksuwal.¹⁹

Kabuktutan – isa rin pangkalahatang termino para sa maling aksiyon at maling character.

Pag-iimbót – isang salitang ginamit nang maraming beses sa mga sinulat sa Griego upang tumukoy sa agresibong pag-ibig sa sarili. Inilalarawan nito ang isang taong gumagawa para sa pansariling interes, handa kahit tapakan ang interes ng iba. Kabilang dito ang maling paggamit ng isang posisyon ng awtoridad para sa pansariling pakinabang.

Pagbibigay Malisya – panloob na pagnanais ng masama para sa iba at kagustuhang gumawa ng masama.

Pagkainggit – pagnanais na magkuha ang pag-aari ng iba, kabilang ang pagtanggap sa mga tao na may magaganda na mga kagamitan.

Pagpatay – Ang matinding resulta ng pagkamuhi at pagtutol.

Pagtatalo – pagiging palaaway, marahil dahil sa pagiging magkatunggali.

Panlilinlang – panlilinlang, maaaring mangahulugan ng paghahandog ng pain upang makabitag.

Paninirang Puri – puno ng galit, nakahandang manakit ng iba kahit walang dahilan.

Mga Bumubulong – mga sikretong naninirang-puri.

Mga Naninira nang Talikuran – mga hayagang naninirang puri.

Mga Namumuhi sa Diyos – tinitingnan nila ang Diyos bilang isang kaaway dahil hinahatulan sila ng kanyang mga kautusan.

Despiteful – mula sa salitang *hubris*, malupit na pagmamataas. Ang isang taong mahina na nagtataglay ng ganitong katangian ay nagnanais na insultuhin ang iba na dapat sana'y

¹⁹ Maraming manuskritong Griego ang hindi nagtataglay ng salitang ito sa listahang ito..

respetuhin niya. Ang isang taong makapangyarihan na may ganitong katangian ay malupit sa iba at sobrang gumaganti sa mga taong nabigong magpakita ng respeto na hinihingi niya.

Mapagmataas – ang pagmamataas ang ugat ng lahat ng kasalanan, dahil ito ang humihikayat sa tao na pamahalaan ang sariling buhay na lumalabag sa kanyang Manlilikha.

Mayayabang – itinataas ang sarili. Ito ay kaayon sa pagiging makasarili. Kung pag-iisipan kasama ng iba pang katangian dito, ang taong ito ay nagtataas ng kanyang sarili nang may panlilinlang, nang hindi pinahahalagahan ang iba, at upang makasira sa iba.

Nag-iimbento ng masasamang mga bagay – Sila ay malikhain sa kanilang pagbuo ng kasamaan at mga bagay na nakasasama.

Masuwayin sa magulang – ang pagkawasak ng pamilya ang resulta ng kasalanan, at nauuwi sa mas malawak na pagkasira ng lipunan. Ang pagkahilig sa pagiging makasalanan ay simulang naipapahayag simula sa pagiging bata na nagrerebelde laban sa unang awtoridad na kanyang nakikilala.

Kawalan ng Pag-unawa – hindi nananatili sa isipan ang mga pinahahalagang moral. Hindi siya nakukumbinsi ng pangangatwiran base sa moralidad. Hindi ito pagkukulang sa katalinuhan kundi ang baluktot na asal na siyang resulta ng isang buktot na puso.

Mga sumisira sa tipan – hindi mapagtitiwalaan. Dahil tinalikuran na ang moralidad at awtoridad, namumuhi sila sa lubusang katotohanan na hindi maaaring baluktutin para sa kanila, at ginagawang prayoridad ang sarili, sagayun sumisira sa kanilang sariling mga pangako.

Walang natural na pagmamahal – ito ang kabaligtaran ng pagkakaroon ng nagpoprotekta at mapagmahal na pakiramdam. Maaari nilang iwan ang kanilang pamilya at sundin ang kanilang sariling mga naisin. Ang pinakasimpleng pakiramdam ng pagmamahal ay maaaring baluktutin. Maaari nilang abusuhin ang mga taong dumidepende sa kanilang pangangalaga.

Walang-Tinag – hindi sila maaaring mabigyang lugod.²⁰

Walang awa – hindi nahahabag. Maaari nilang pagmasdan ang paghihirap nang hindi makararamdam ng pagkahabag. Hindi sila nagbabago sa masamang gawain kung makikita lamang nila ang paghihirap na nagiging bunga ng kanilang maling gawain sa iba. Hindi sila nagsisisi kahit nakikita ang paghihirap na naging bunga ng kanilang sariling maling mga gawain.

(32) Nalalaman nila na mali ang mga bagay na ito. Ang mga pagano ay hindi matapat sa pagsunod kahit pa sa katotohanang taglay nila. Nalalaman nila na sila’y nasa ilalim ng

²⁰ Maraming manuskritong Griego ay hindi isinama ang salitang ito sa kanilang listahan.

paghatol. Gayunman, hindi lamang nila sinusunod ang kasalanan, kundi sinasang-ayunan pa nila ang kasalanan ng iba. Ang moralidad ng lipunan ay sobrang bumababa na at ang nagiging bagong pamantayan ng ugali ay nagpapahintulot na ng imoralidad.

Ang isang tao na lubusang tumatanggap sa kasalanan ay nagpapatunay na siya ay isang makasalanan at nagpapatunay din sa iba bilang mga makasalanan. Siya ay nalilibang ng mga kasalanan ng iba. Pinalakpakan ng mga tao ang pagpatay sa mga arena sa Roma. Maraming tao sa modernong panahon ang natutuwa sa panonood ng mga karahasan at immoral na gawang seksuwal. Humahanga sila sa mga taong nagiging mahusay sa dami ng kasalanang kaya nilang gawin.

Ang Bawat Makasalanan Ba Ay Ganito?

Hindi bawat tao ay aktibong nakagawa na ng lahat ng kasalanang ito. Gayunman, ang bumagsak na sangkatauhan ay may pagkahilig na tungo sa lahat ng mga kasalanang ito, at bawat tao ay maaaring nagawa na ang alinman sa mga kasalanang ito kung sila ay nasa iba't-ibang pagkakataon.

Si Seneca ay isang Romanong pilosopo at opisyal ng pamahalaan na nabuhay sa panahon ni Pablo. Hindi siya isang Kristiyano at hindi pamilyar sa Biblia, subali't naobserbahan niya na ang posibilidad na magkasala ay nasa bawat isang tao. Sinabi niya, "Ang lahat ng bisyo ay umiiral sa lahat ng tao, subali't hindi lahat ng bisyo ay malinaw na nalalantad sa bawat tao."²¹ Makikita natin na ang paglalarawan ni Pablo sa makasalanan ay maaaring tumukoy sa lahat ng panahon at lahat ng kultura.

Ang pamahalaan at mga pamantayan ng lipunan ay nakakapigil sa karamihan sa tendensiyang masama ng mga indibidwal. Maraming tao ang nagtatago sa kanilang mga puso at isipan ng mga makasalananang pagnanasa na hindi nila lantarang ipinakikita dahil nais nila ang pagtanggap ng iba. Ang mga tao ay may lihim na tendensiya tungo sa kasalanang nakalista sa talatang ito at nagkasala na ng mga kasalanang ito sa kanilang puso.

Aplikasyon ng Talata

Ang talatang ito ay pangunahing isang paglalarawan ng mga tao sa mga lipunang hindi pa nakaririnig ng ebanghelyo. Tinatanggihan nila ang kaalaman tungkol sa Diyos na nahahayag sa sannilikha at sa kanilang mga budhi. Pagkatapos, nakatagpo sila ng ibang bagay na kanilang sinamba na nagpahintulot sa kanila na ipagpatuloy ang mga pagnanasa ng kanilang makasalananang kalikasan; at ang kanilang mga pagnanais ay naging baluktot. Ito ang nagpapaliwanag kung bakit kailangan ng mga taong ito ang ebanghelyo.

²¹ Quoted by F.F. Bruce, *The Epistle to the Romans*, in *Tyndale Bible Commentaries* (Grand Rapids: Wm. B. Eerdmans Pub. Co., 1963).87.

Mahalaga ang talata sa bawat isa, dahil inilista nito ang maraming iba't-ibang kasalanan at ipinapakita na ang mga ito ay kinamumuhian ng Diyos. Ito rin ay isang babala na ang lahat ng kasalanan ay may tendensiya na akayin ang makasalanan sa may matinding kabuktutan. Ang mga taong nakarinig ng ebanghelyo at tumanggi rito ay nanganganib na dumaan sa parehong proseso ng pagkawala ng kanilang pag-unawa sa tama at mali.

Ipinaliwanag ng talata ang kalagayang nakikita natin sa ating sariling mga lipunan, bagaman naipangaral na roon ang ebanghelyo. Ang mga kultura ay nakakahanap ng paraan upang gawing katanggap-tanggap ang mga kasalanan, at hindi pinapansin ang mga pamantayan ng Diyos.

Pagbabalik-Aral sa Aralin at Pagsusulit: Aralin 2

- (1) Ano ang nalalaman ng lahat ng tao tungkol sa Diyos kahit wala ang mga Kasulatan?
- (2) Sa paanong paraan natatanggap ng mga tao ang pangkalahatang rebelasyon?
- (3) Ano ang espesyal na rebelasyon?
- (4) Ano ang pagsamba sa diyos-diyosan?
- (5) Pagkatapos tanggihan ng mga tao ang Diyos, ano ang nangyari sa kanilang mga isipan at pangangatwiran?

Aralin 2 Takdang-aralin:

Takdang-Aralin: Sumulat ng isang pahina na naglalarawan ng kundisyon ng isang lipunan na hindi pa naririnig ang ebanghelyo subalit tinanggihan na ang Diyos. Ano ang kanilang nalalaman tungkol sa Diyos? Ano ang nangyari sa kanilang pag-iisip? Ilarawan ang kanilang kabuktutan. Ipaliwanag kung bakit hindi lahat ay nagpapakita ng parehong klase ng kabuktutan.

Aralin 3

Ang Pagkakamali ng mga Israelita

Mga Direksiyon para sa Lider ng Klase

Dapat kolektahin ng tagapanguna sa klase ang mga nakasulat na takdang-aralin mula sa sinundang aralin. Hilingan ang ilan sa mga mag-aaral na pag-usapan ang kanilang isinulat.

Itanong ang mga tanong sa pagbabalik-aral mula sa sinundang aralin at ilan pang tanong para sa sumunod na aralin. Magbalik-aral at itama ang mga sagot kung kinakailangan.

Introduksyon sa mga Kasulatan sa Huling mga Araw

Ang mga Kasulatan tungkol sa huling mga araw ay tumatalakay sa suliranin ng pagpapanatili sa pananampalataya sa kabila ng kasamaan at kawalang-katarungan sa mundo. Inilalarawan nito ang panahon kung kailan ang Diyos ay biglaang mamamagitan sa mundo, at parurusahan ang kasamaan at tutulungan ang kanyang bayan.²²

Ang isang salita na madalas na ginagamit upang tumukoy sa oras ng huling pamamagitan ng Diyos ay *Ang Araw ng Panginoon*. Ang ilan sa mga talata sa Lumang Tipan ay naglalarawan sa Araw ng Panginoon bilang ang panahon kung kailan ang mga bansang Hentil ay parurusahan dahil sa kanilang pakikitungo sa Israel.²³ Maraming mga Hudyo ang nagsimulang mag-isip na bilang mga Hudyo wala silang dapat ikatakot sa paghatol ng Diyos. Sinikap ng mga propeta na ipakita sa kanila na sila man ay hahatulan rin kung sila ay makasalan (Zofonias 1:12, Amos 5:18-27) at hindi sila parurusahan dahil lamang sila ay mga Hudyo; subali't nanatili ang kanilang iniisip.

Para sa mga Hudyo mahirap tanggapin na sila man ay nangangailangang iligtas. Halimbawa, ang pagbabautismo ay isang seremonya na kanilang ginagamit upang ibilang ang mga Hentil sa Judaismo. Hindi nila binabautismuhan ang mga Hudyo. Binautismuhan ni Juan Bautista ang mga Hudyo, at ang kanyang ginawa ay nakasama ng loob ng ilang Hudyo na nag-iisip na hindi na nila kailangang mabautismuhan o magsisi dahil sila ay mga anak ni Abraham. (Mateo 3:9).

Sa aklat ng mga Roma, tinukoy ni Pablo ang "araw ng poot" (2:5) at sa "araw kung kailan ang Diyos ay maghuhukom" (2:16). Ang mga pagtukoy na ito ay kasunod ng kanyang tema sa 1:16-18, na ang ebanghelyo ang kaligtasan mula sa poot ng Diyos. Sa 2:2-3 ginimbal niya ang mga Hudyo na nagmamatuwid-sa-sarili sa katotohanan na siya man ay may

²²Kabilang sa mga apocalyptic scripture sa Lumang Tipan ang Daniel, Zacarias, Joel, Ezekiel 37-39, at Isaias 24-27. Sa bagong Tipan, naroon ang Mateo 24, Lucas 21, Marcos 13, 2 Tesalonica. 2, at Pahayag.

²³Ang ilang halimbawa ay Zacarias 12 at Joel 3.

dahilan upang katakutan ang araw ng Panginoon. Kahit ang mga Hudyo ay nangangailangan din ng kaligtasan.

Pagpapakilala sa Talata

Sa araling ito, nagpapatuloy tayo sa pag-aaral ng Ikalawang Bahagi ng aklat ng Roma: "Ang Pangangailangan ng Pagpapawalang-Sala sa Pamamagitan ng Pananampalataya." Sa huling aralin, pinag-aralan natin ang talata na naglalarawan sa "Pagkakamali ng mga Hentil." Ang talatang ito (2:1-29) ay naglalarawan ng "Pagkakamali ng mga Israelita."

Ang Ikalawang Bahagi ay 1:18-3:20. Ang pangunahing punto ng Ikalawang Bahagi ay: Ang bawat isa sa mundo ay sumuway sa hinihingi ng Diyos at nasasailalim sa paghatol na kamatayan. Walang sinumang maaaring maligtas batay sa pagtugon sa mga hinihingi ng Diyos dahil ang bawat isang tao ay lumabag na sa mga iyon.

Una ipinapaliwanag ni Pablo na tinanggihan na ng mga Hentil ang pagkakilala sa Diyos at bumaling sa mga diyos-diyosan at makasalanang mga pagnanasa. Pagkatapos, inilarawan niya ang kalagayan ng mga Israelita, na nagtataglay ng kautusan ng Diyos subali't hindi naman ito sinunod. Pag-aaralan natin ngayon ang talata tungkol sa mga Israelita.

Ang Pagkakamali ng mga Israelita: Pagkakilala subali't Walang Pagsunod (2:1-29)

Dito lumipat si Pablo mula sa pagtukoy sa ikatlong panauhan ("sila") at lumipat sa ikalawang panauhan ("kayo"). Sa bahaging ito, nagsasalita siya sa sinumang tao na nag-iisip na hindi angkop para sa kanila ang ebanghelyo dahil natugunan na nila ang isang pamantayan ng pagiging matuwid. Karamihan sa mga Hudyo ay kabilang sa kategoryang ito, at ang seksiyong ito ay tuwirang nagsasalita patungkol sa kanila (2:17); subali't ang mga Hentil na may mataas na pamantayang moral ay maaari ring kabilang sa parehong pagkakamali. Ipinapakita niya na ang taong nag-iisip na siya ay matuwid nang walang biyaya, sa katotohanan siya ay mapagkunwari at nagkakasala.

Paunawa sa Bawat Talata

(1) Na sila ay "hindi maaaring mangatwiran" ay tumutugon sa kalagayan ng mg Hentil na "walang maidadahilan" (1:20). Ang kaisipang iyon ay maaaring nakakagulat sa isang matuwid-sa-sariling Hudyo. Ito'y katulad lang din para sa isang modernong tao na nag-iisip na siya ay may sapat nang kabutihan sa sarili.

Sa paghatol sa iba, hinatulan na nila ang kanilang mga sarili, dahil sila ay nagkakasala ng parehong mga kasalanan. Ang kanilang kaalaman sa katotohanan ay nagpataas sa kanilang responsibilidad. Sinabi ni Hesus na may mga lunsod sa Israel na hahatulan nang mas masama kaysa sa Sodom at Gomorra (Mateo 11:21-24; 12:41).

Ang talatang ito ay tumutukoy sa isang taong nag-iisip na maaari niyang hatulan ang iba at ariin ang kanyang sarili ilang inosente. Ang mga huling bahagi ng kabanata ay naglalagay

sa Diyos sa tungkulin ng isang hukom at ipinapakita kung paano naiiba ang kanyang paghatol kung ihahambing sa mga taong humahatol sa paraang nagbibigay ng pabor sa kanilang sarili.

(2-3) Ang paghatol ng Diyos ay batay sa lubos na pamantayan. Ang Diyos ay hindi humahatol sa pamamagitan ng nagbabago at hindi tiyak na pamantayan ng tao.

(4) Nagbigay ang Diyos ng espesyal na atensiyon sa mga Hudyo, kaya't iniisip nila na babaluktutin din niya ang katuwiran para sa kanilang pabor. Ang totoo, ang kanyang kabutihan sa kanila ay may layuning akayin sila sa pagsisisi, at hindi ang alisin ang katarungan. Kaya't maraming tao ang "namumuhi" sa kabutihan ng Diyos sa pagtingin dito bilang kagandahang loob lamang at pagpapabaya. Ang nais ng makamundong tao mula sa Diyos ay ang benepisyong materyal kasama ng pagsasawalang-kibo sa kanyang kasalanan. Kapag tiningnan natin ang kabutihan ng Diyos sa ganitong paraan ay katulad na rin ng pagkamuhi dito. Ang mga nakakikilala sa Diyos ay mas higit na may kasalanan dahil ang kanyang kabutihan ang nagbigay sa kanila ng pagkakataon upang magsisi.

(5) Ang paglipas ng panahon na sila ay nagpapatuloy sapagkakasala sa halip na magsisi ay nag-iipon ng poot. Dahil nalalaman nila ang katotohanan, sila ay may higit na pananagutan, at samakatuwid, ang poot ng Diyos ay dumarami laban sa kanilang pagsuway.

Ang sumusunod na Pagtuunan ng Pansin ay mahalaga sa pag-unawa sa mga natitirang bahagi ng kabanatang ito.

► Kapag nagtungo tayo sa paghatol sa hukuman, magiging mahalaga ba ang mga ginawa natin sa mundo?

Pagtuunan ng Pansin: Ang Paghatol sa Mga Gawa

Ang pangwakas na paghatol ay ang pagbibigay halaga sa mga gawa. Parurusahan ng Diyos at gagantimpalaan ang mga tao ayon sa kanilang mga ginawa. Magkakaroon ng iba't-ibang antas ng kaparusahan at gantimpala sa iba't-ibang tao. (Hebreo 2:2, 10:28-29, Mateo 10:42, Lucas 12:47-48, 2 Corinto 5:10).

Ang kaisipan na ang mga makasalanan ay pinarusahan ng kamatayan dahil lamang sa hindi paniniwala ay hindi ayon sa kasulatan. Sa Pahayag 20:12, ang mga tao ay hinahatulan ayon sa talaan ng kanilang mga ginawa. Sinasabi ng 2 Corinto 5:10 na tayong lahat, kabilang ang mga mananampalataya ay hahatulan ayon sa ating mga gawa. May mga Kristiyanong tatanggap ng mabubuting gantimpala, at ang iba ay mas kaunti, batay sa motibo, ang mga kalidad ("ginto, pilak, mamahaling hiyas; kahoy, dayami, balanggot"), at ang kasipagan sa kanilang likhang-gawa. Ang lahat ng Kristiyano ay gagantimpalaan para sa kanilang mga gawa dahil ang lahat ng tunay na Kristiyano ay nagbubunga ng mabubuting mga gawa. Ang mga gawa ng mananampalataya na hindi papasa sa pagsubok sa paghatol ay nasusunog sa apoy.

Ipinahihiwatig ng Roma 2 na may mga taong hindi pa naririnig ang ebanghelyo ng Bagong Tipan ay hindi hahatulan dahil sa kanilang mga gawa (tingnan ang talatang 7, 10, 13, 26-27). Hindi ito nangangahulugan na mayroong mga tao na hindi kailanman nagkasala at samakatuwid ay maaaring matanggap dahil sa mga gawa nang hiwalay sa biyaya na tinatawag na karanasan ng biyaya na tinatawag na "Pagtutuli ng puso". Ang kanilang mga gawa ay tinatanggap ng Diyos. (2:29).

Ang pagkilos na ito ng biyaya sa puso ay ipinangako sa panahon ng Lumang Tipan: "At ang Panginoon mong Diyos ang babago at maglilinis ng iyong puso, at ang puso ng iyong binhi, upang mahalín ang Panginoon mong Diyos nang buo mong puso, at nang buo mong kaluluwa, at nang ikaw ay mabuhay" (Deuteronomio 30:6). Samakatuwid, nalalaman natin na ang sinaunang mga Hudyo ay naligtas dahil sa biyaya, hindi sa mga gawa.

Ang biyayang ito ay para rin sa mga Hentil, nakatanggap man sila o hindi ng espesyal na rebelasyon. "Pagkatapos nagsalita si Pedro nagsabi, 'Ngayon ko lubos na nauunawaan na walang itinatangi ang Diyos. Nalulugod siya sa sinumang may takot sa kanya at gumagawa ng matuwid, kahit tagasaan mang bansa.'" (Mga Gawa 10:34-35).

Mabubuting gawa ang kasunod ng pagbabago ng puso, na nagpapatunay sa pagsunod sa Diyos. Ang patunay na ito ang batayan ng pangwakas na pagpapawalang-sala na binanggit sa Roma 2:13 at 16, ang pagpapawalang-sala sa pangwakas na paghuhukom.

Hindi itinuturo ng talata na ang tao ay maliligtas sa pamamagitan ng mga gawa, kundi ang tunay na pagsunod ang mahalaga, hindi lamang ang pagtataglay sa batas, Ito ang sumusuporta sa punto ng talata: na ang mga Hudyo ay nangangailangan din ng kaligtasan dahil sila man ay sumuway rin.

Paunawa sa Bawat Talata *pagpapatuloy*

(7) Nagbibigay ang Diyos ng buhay na walang hanggan sa mga taong hinahanap ang karangalang nagmumula sa Diyos sa pamamagitan ng pagsisikap sa mga gawaing nakalulugod sa Diyos.

(8) Ang maging pala-away ay ang paglaban at pagtatalo dahil sa isang pusong nagrerebelde.

(9) Dito ipinakikita ang mga pabor sa mga Hudyo upang magdulot ng higit na pananagutan. Kung paanong dumating una sa kanya ang ebanghelyo, una muna siyang dapat hatulan.

(11) Ito ang susing talata ng kabanata. Ang mga nabubuhay nang nagrerebelde laban sa Diyos ay hahatulan, na walang ibinibigay na pabor dahil sila ay mga relihiyoso.

► Sinasabi ni Santiago na ang isang tao ay pinawawalang-sala hindi sa pamamagitan lamang ng pananampalataya, kundi sa mga gawa rin (Santiago 2:24). Subali't sinabi ni Pablo sa Roma 3:28 na ang isang tao ay pinawawalang-sala sa pamamagitan ng pananampalataya nang wala ang mga gawa ng batas. Kaya't, tayo ba ay pinawawalang-

sala sa pamamagitan ng magkasamang gawa at pananampalataya, o tayo ba ay pinawawalang-sala sa pamamagitan lamang ng pananampalataya? Nagsasalungatan ba sina Santiago at Pablo?

Pagtuunan ng Pansin: Isang Pananaw Mula kay Santiago

Sinasabi ni Santiago na ang isang tao ay pinawawalang-sala hindi sa pananampalataya lamang, kundi sa pamamagitan din gawa. (Santiago 2:24). Subali't sinabi ni Pablo sa Efeso 2:8 na tayo ay naligtas sa pamamagitan ng biyaya at hindi sa pamamagitan ng mga gawa. Sa Roma 3:28, sinabi niya na ang isang tao ay pinawawalang-sala sa pamamagitan ng pananampalataya nang wala ang mga gawa ng batas.

Kaya nga, tayo ba ay pinawawalang-sala sa pamamagitan ng magkasamang mga gawa at pananampalataya, o tayo ba ay pinawawalang-sala sa pananampalataya lamang? Nagsasalungatan ba sina Santiago at Pablo? Ang katotohanan, hindi sila nagsasalita tungkol sa parehong bagay.

Ang pangunahing punto sa sulat ni Santiago ay patunayan na ang tunay na pananampalataya ay dapat magagamit sa praktikal na buhay. Sa paggamit ng salitang *pagpapawalang-sala* hindi niya ibig sabihin na "maging matuwid", ang ibig niyang sabihin "maipakita na matuwid". Sinasabi niya na si Abraham ay "pinawalang-sala", ibig sabihin, ipinakita na siya'y matuwid dahil sa kanyang mga gawa. Kaya't, sa tanong na, "Paano pinawawalang-sala ang isang tao?" hindi itinatanong ni Santiago kung "Paano nagiging matuwid ang isang tao?" ang itinatanong niya, "Paano ipinakikita na ang isang tao ay pinawalang-sala. Ang tugon dito ay: Ang isang tao ay ipinakikita na pinawalang-sala sa pamamagitan ng magkasamang pananampalataya at gawa. Alam natin na ang isang tao ay mananampalataya kapag ipinapahayag niya na siya ay Kristiyano at ipinamumuhay niya ang pagiging Kristiyano.

Si Pablo ay nangungusap kung paano tunay na nagiging matuwid ang isang tao. Sa tanong na "Paano pinawawalang-sala ang isang tao" itinatanong ni Pablo, "Paano pinapagiging matuwid ang isang tao?" Ang tugon ay: ang isang tao ay pinapagiging matuwid sa pamamagitan ng pananampalataya, sa pamamagitan ng pagtitiwala sa pangako ng Diyos na bibigyan siya ng katuwiran. Ang mga gawa ng isang tao bago siya nagbalik-loob ay hindi daan upang siya'y higit na maging katanggap-tanggap sa Diyos. Ito ang kinakailangang ebanghelyo, na pawawalang-sala ng Diyos ang isang makasalanan na sumasampalataya bagaman hindi siya karapat-dapat na tumanggap ng pagpapawalang-salang ito.

Pinatunayan din ni Pablo na ang mga mabubuting gawa ay sumusunod sa pananampalataya. Sa Efeso 2:10, agad pagkatapos ng kanyang pangungusap na tayo ay naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya, sinabi ni Pablo na tayo ay "nilikha ni Kristo Hesus para sa mabubuting mga gawa."

Hindi magsasalungatan sina Santiago at Pablo. Kapwa sila sasang-ayon na ang isang tao ay pinapagiging matuwid sa pamamagitan lamang ng pananampalataya at ang mga gawa ay sumusunod sa pagbabalik-loob at nagpapakita na ang isang tao ay naligtas na.

Paunawa sa Bawat Talata *pagpapatuloy*

(12) Ang nakasulat na batas ay hindi siyang gagamitin sa paghatol sa mga hindi pa nakarinig nito. Sila ay hahatulan sa pamamagitan ng batas na ipinahayag ng Diyos sa kanila sa ibang mga paraan. (Tingnan ang 1:20 at 2:15)

(13) Na sila ay "pawawalang-sala" ay tumutukoy sa pangwakas na paghuhukom. May mga nag-iisip na sila ay pawawalang-sala dahil taglay nila ang kautusan. Subali't ang pagkaalam sa kautusan subali't wala namang pagsunod ay hindi nagpapawalang-sala.

(14) Ang katotohanan na sila ay maaaring gumawa ng mabuti "ayon sa likas" ay hindi nangangahulugan na sila ay natural na mabuti nang wala ang Diyos. Ipinapakita ng talatang 15 na dahil sa kautusan na isinulat ng Diyos sa kanilang mga puso at budhi kung kaya't nagagawa nila ang tama. "Ayon sa likas" ay nangangahulugan na magagawa nila iyon ayon sa inihahayag ng Diyos sa kanilang likas nang wala ang nakasulat na Kasulatan.

(15) Ang mga tao na walang nakasulat na batas ay nagtataglay pa rin ng batas sa kanilang moral na kalikasan at makagagawa ng mga espesipikong mga pagpili. Hindi ibig sabihin noon na ang konsiyensiya o budhi ay lubusang mapagtitiwalaan. Ang konsiyensiya ay hindi sa lahat ng detalye ay tumpak, dahil naiimpluwensiyahan ito ng kapaligiran at edukasyon; subali't ito'y isang gabay na wasto sa pangkalahatan. Gayunman, ang lahat ng tao ay makasalanan, maging sa pamantayang iyon, dahil hindi nila laging ginagawa ang nalalaman nilang tama.

Ang talatang 15 at 16 ay nagpapakita na ang paghuhukom ay hindi lamang para sa mga panlabas na gawain, subali't higit sa lahat ay ang mga motibo ("mga puso", "mga isipin", "konsiyensiya" at mga "sekreto").

(16) Ang pagpapawalang-sala na tinalakay sa talatang ito (unang binanggit sa talatang 13, ay hindi pampalit sa pagiging matuwid sa pamamagitan ng pananampalataya. Ito ang pangwakas na pagpapawalang-sala, upang maipahayag na matuwid sa huling paghuhukom.

Ang mga prinsipyong ito ng paghatol ay mahalaga sa ebanghelyo na ipinangaral ni Pablo. Ang mabuting balita ng kapatawaran ayon sa ebanghelyo ay hindi makahulugan kung walang pagkaunawa sa paghatol ng Diyos na darating sa mga hindi pa pinatatawad. Anumang pagkakamali na sumisira sa wastong pananaw sa katarungan ng Diyos ay sisira din sa ebanghelyo.

► Ano ang mangyayari sa mga di mananampalataya na hindi pa nakaririnig ng Ebanghelyo? Paano nila tunay na nararapat tanggapin ang paghatol sa kasalanan kung talagang hindi nila nalalaman ang mas mabuti?

Pagtuunan ng Pansin: Pag-Asa para sa mga Di-mananampalataya na Hindi pa Naaabot ng Ebanghelyo

Ipinahihiwatig ng Roma 2:14-16 na may mga tao na pinipili talaga ang paggawa ng tama, at, sa gayun, hindi na sila hahatulan ng kamatayan. Gayunman, alam natin na walang simumang maliligtas sa pamamagitan ng gawa. Ang bawat isa ay lumabag na sa kautusan at nararapat lang sa paghatol (3:9-10, 19-20). Walang sinumang tao ang maaaring maligtas sa pamamagitan ng merito ng kanyang mga gawa. Samakatuwid, kung ang isang taong di pa nakaririnig ng ebanghelyo ay maligtas, ito ay dapat sa pamamagitan ng biyaya sa pamamagitan ng pagbabayad-utang, kahit pa hindi pa niya naririnig ang ebanghelyo.

"Ang sikreto ng Panginoon sa kanila na may takot sa kanya; at ipapakita niya sa kanila ang kanyang tipan." (Awit 25:14). Ang tipan ay ang mga alituntunin ng kanyang relasyon sa tao, na nangangailangan ng probisyon ng biyaya dahil ang lahat ay nagkasala. Kung ang tao ay lubusang gumagalang sa Diyos, ipapakita ng Diyos sa kanya ang paraan kung paano siya magkakaroon ng relasyon sa Kanya.

May mga taong tulad nina Job, Balaam, at Noe na nakikilala ang Diyos bagaman wala silang Kasulatan. Naroon din si Melquisedec, na isang saserdote ng Diyos, bagaman wala siyang kaugnayan sa anumang sumunod na ginawa ng Diyos sa pamamagitan ng Israel. Ipinapahayag ng Diyos ang kanyang sarili sa alinmang kultura at panahon (tingnan din ang Awit 19 at Roma 10:18). Ang mga sumasamba sa diyos-diyosan sa Roma 1 ay nasa kawawang kalagayan hindi dahil hindi nila kailanman nakilala ang Diyos, kundi dahil tinanggihan nila ang kanilang nalalaman na.

Ang isa bang di-mananampalataya ay maliligtas kahit hindi niya kailanman marinig ang ebanghelyo? Kung susundin ng isang tao ang katotohanang taglay niya, gagabayan siya ng Diyos upang maunawaan ang sapat upang hanapin at matagpuan ang kapatawaran. Ito ang kaligtasan sa pamamagitan ng biyaya at hindi sa mga gawa. Ito ay kabaligtaran ng kaligtasan sa pamamagitan ng mga gawa na iniaalok ng karamihan sa mga relihiyon.

Kaya nga't kung ang isang tao ay maaaring maligtas nang hindi naririnig ang ebanghelyo, bakit kinakailangan nating ibahagi sa iba sa lalong madaling panahon ang ebanghelyo? Ang tanong na iyan ay sasagutin sa mga susunod.

Paunawa sa Bawat Talata *pagpapatuloy*

(17-20) Ang mga Hudyo ay mapagpaimbabaw dahil itinuturo nila ang batas habang sinusuway din ito. Ikinalulugod nila ang kanilang tungkulin bilang nagmamay-ari ng batas, nakaaalam ng tama, at tagapagturo ng mga walang nalalaman. Mayroon panunuya dito si Pablo habang inililista niya ang sobrang taas ng kanilang pagtingin sa sarili.

Ang Biblia ay maaaring maging isang napakabiling aklat maging sa isang lipunan na nagiging mas hindi maka-Diyos. Ipinapakita nito na nakikita ng mga tao ang kahalagahan ng pagtataglay ng kautusan ng Diyos kahit na hindi nila ito tinutupad.

Pinananatili ng mga tao ang isang anyo ng relihiyon bilang pantakip sa kasalanan pagkatapos mawala sa kanila ang espirituwal na realidad ng relasyon sa Diyos.

(21-24) Natutuwa ang mga Hudyo sa paghatol sa mga Hentil gamit ang kautusan, subali't sila mismo ay hindi lubusang sumusunod dito. Hindi nila iginalang ang Diyos dahil sa kanilang mataas na pag-aangkin at mababang pamumuhay. Gayundin, ang pinakakaraniwang pagtutol sa Kristiyanismo ay: ang mga Kristiyano ay hindi mabubuting halimbawa ng kanilang inaangkin na kanilang pinaniniwalaan.

(25) Hindi nila maaaring sabihing sila ay matuwid sa harapan ng Diyos batay sa kanilang pagiging tuli malibang tinutupad nila ang buong kautusan. Kung nilalabag nila ang kautusan, sila ay katulad din ng mga hindi tuli.

► Ano ang kahulugan ng pagtutuli?

Ang Salitang Pagtutuli

Nakikita ng mga Hudyo ang dalawang klase ng tao sa mundo: ang mga kuwalipikado upang makabilang sa tipan sa Diyos at ang mga hindi kuwalipikado. Ang pagtutuli ay ibinigay bilang isang tanda ng tipan sa pagitan ng Israel at Diyos, subali't sa katagalan ay naging kinatawan ng buong set ng mga hinihingi para sa tipan. Samakatuwid, tinawag ng mga Hudyo ang dalawang grupo ng mga tao bilang "ang mga tuli" at "ang mga hindi tuli". Sa wika ni Pablo, ang pagiging tuli ay karaniwang nangangahulugang paggamit ng buong sistema ng Judaismo bilang ang paraan ng pagiging kabilang sa tipan. (Tingnan ang Galacia 5:2-3 para sa halimbawa ng paggamit ng salitang ito.) Ang pagiging tuli sa kahulugang iyon ay isang pagsisikap na maligtas sa pamamagitan ng gawa sa halip na sa pamamagitan ng biyaya.

Paunawa sa Bawat Talata *pagpapatuloy*

(26) Kapag ang isang taong hindi tuli ay tumutupad sa tunay na intensiyon ng batas, hindi siya hahatulan ng Diyos dahil sa hindi siya tuli.

(27) Ang paghahambing sa pagitan ng isang matuwid na Gentil at ng isang makasalanang Hudyo ay nagpapakita na ang Hudyo ang may kasalanan, kahit pa taglay niya ang mga anyo ng Judaismo. Sa parehong kahulugan, "hinatulan ni Noe ang mundo" dahil sa kaniyang pagiging matuwid dahil ipinakita niya ang kahulugan ng tunay na pagsunod (Hebreo 11:7).

(28-29) Ang pagtutuli ay isang tanda ng pagkakakilanlan para sa isang Hudyo, na siya ay kabilang sa bayan ng Diyos. Sa Deuteronomio 30:6 at sa ilan pang lugar sa Bagong Tipan, ginamit ito bilang isang paglalarawan sa gawain ng Banal na Espiritu kapag binabago niya ang puso ng isang makasalanang upang magkaroon ng kakayahan na mahalina at sundin ang Diyos.

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Deuteronomio 30:6 para sa grupo.

Ipinangako ng Diyos sa sinaunang mga Israelita na gagawa siya ng isang operasyon ng biyaya sa kanilang mga puso. Ito ay hindi lamang para sa kanilang mga salinlahi, kundi para sa mga taong nakaririnig ng mensahe sa panahong iyon.

(1-2a) Ang talata na ito ang nagdurugtong sa nakaraang seksiyon sa seksiyong ito. Ang paka ng kabanata ay ang epekto ng ginawa ni Kristo. Ang kapayapaan ay tumutukoy sa pakikipagkasundo sa Diyos – ang pagiging magkaaway ay naalis at ang poot ay inalis na.

Sinabi ni Hesus na siya ang pintuan. Ang talatang ito ay may katulad na sinasabi, dahil sa pamamagitan niya tayo ay maaaring pumasok sa biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya. Siya ang daan, ang katotohanan, at ang buhay.

Ang pag-ibig ng Diyos ay walang dahilan, hindi masusukat, at hindi magwawakas.

(2b-5) Inilalarawan ng mga talata na ito ang karanasan ng isang mananampalataya habang siya'y nabubuhay ayon sa biyaya. Sa istruktura, ito ay isang idinagdag na paglalarawan; pagkatapos, bumalik si Pablo sa teolohikal na paliwanag ng pagbabayad-sala.

Sinabi ni Pablo na ang ating kagalakan ay dahil sa pag-asa na ating mararanasan ang kaluwalhatian ng Diyos. Sinabi niya na maaari pa rin tayong magalak kahit sa mga kapighatian.

Maaaring ma-enjoy at matiis ang "maliliit na mga bagay" (mga pangyayari sa buhay) dahil ang malalaking bagay ay sigurado na. Ang hindi mananampalataya ay nagsisikap hanapin ang mga tuwa mula sa mga bagay sa buhay. Subali't, hindi kailanman sapat upang masiyahan; mabilis silang lumilipas. Ang mga kundisyon sa buhay ay hindi naman ganun kasama kung ang buhay ay isang paglalakbay, subali't ang mga kundisyon sa buhay ay tila miserable kung wala nang iba pa.

Ang matapat na pagtitiis ng kapighatian ay tumutupad ng proseso para sa mananampalataya (Tingnan din ang Santiago 1:2-4). Sa ating pagtitiis sa kapighatian sa pamamagitan ng pananampalataya, nagkakaroon tayo ng katiyagaan. Ang katiyagaan ay hindi lamang ang kagustuhang maghintay; ito ang kakayahang magtiis sa pamamagitan ng pananampalataya. Habang isinasabuhay natin ang matiyagang pananampalataya, nagpapatuloy nating nararanasan at nakikita ang pagkilos ng Diyos; na siyang nagbibigay sa atin ng pag-asa. Nalalaman nsatin na natutupad ang mga layunin ng Diyos sa kabila ng ang mga pangyayari ay tila masama.

► Paano mo palalaksin ang iyong loob kapag ikaw ay nasa masasamang pangyayari?

Alam natin na ang ating pag-asa ay hindi mabibigo, dahil nararanasan na natin ang pag-ibig ng Diyos sa ating mga puso sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. Sa Efeso 1:13-14, sinabi ni Pablo na ang Banal na Espiritu ang katiyakan na tutuparin ng Diyos ang lahat ng kanyang mga ipinangako. Ang Espiritu ay katulad ng paunang bayad para sa isang kontrata.

Ang mga sumusunod na mga talata (6-10) ay nagbibigay-diin na sa oras ng pagpapawalang-sala sa atin hindi tayo karapat-dapat doon at wala tayong magagawa upang matupad iyon. Tayo ay "walang lakas", "mga makasalanan pa" at "mga kaaway."

(6) Ang maging walang kalakasan ay nangangahulugan na walang kakayahan na iligtas ang ating sarili, lalo na sa pagtupad sa mga hinihingi ng batas. Wala tayong kapangyarihan na tuparin ang mga hinihingi ng Diyos o iligtas ang ating mga sarili mula sa kasalanan.

(9-10) Si Kristo ay nabubuhay bilang ating tagapamagitan at kapanalig. Ang katwiran ni Pablo na kung ang Diyos ay handa tayong patawarin noong tayo’y mga makasalanan pa, kung kaya’t mas lalo tayong may katiyakan ngayon sa kanyang pabor, ngayon na tayo’y pinawalang-sala na dahil kay Kristo. Tayo’y ipinakipagkasundo ng kanyang kamatayan para sa atin at patuloy na nagiging katanggap-tanggap sa Diyos sa pamamagitan ng ating kaugnayan sa buhay na Kristo.

Ang mga salita na “mas higit na” ay ginamit ng limang beses sa talatang ito.

Ang sumusunod na Pagtuunan ng Pansin ay mahalaga para sa talatang 12-19.

► Tayo ba ay maysala rin sa kasalanan ni Adan? Ipaliwanag ang iyong sagot.

Pagtuunan ng Pansin: Tayo ba ay Maysala ng kasalanan ni Adan?

Ang Roma 5:12-19 ay nagsasabi na ang lahat ng sangkatauhan ay napasailalim ng kasalanan at kamatayan dahil sa kasalanan ni Adan. Personal ba tayong maysala sa kasalanan ni Adan? Ang mga makasalanan ba ay parurusahan dahil sa kasalanan ni Adan?

Hindi sinabi ni Pablo na ang mga makasalanan ay parurusahan dahil sa kasalanan ni Adan. Sa talatang 12 sinabi niyang ang kamatayan ay naipasa sa lahat ng tao dahil ang lahat ay nagkasala. Ang bawat isang tao ay indibidwal na nakokonsensya sa kanyang sariling kasalanan. Binigyang diin ng Roma 1-2 na ang mga tao ay nangangailangan ng pagpapawalang-sala dahil sila ay mga makasalanan na lumabag sa batas ng Diyos. Ang mga tao ay hindi na hinatulan dahil sa kalagayan nila nang sila’y isilang, kundi dahil sa kanilang pagpili na magkasala. Ang paghuhukom ay ayon sa mga gawa (Pahayag 20:12, Roma 2:6-16, 2 Corinto 5:10).

Gayunman, dahil kay Adan pumasok ang kasalanan sa mundo. Bilang ama ng buong sangkatauhan na hindi pa isinisilan, siya ang naghiwalay sa sangkatauhan mula sa Diyos. Ang lahat ng taong isinilang pagkatapos niya ay nahiwalay na sa Diyos, at, samakatuwid, depraved. Dahil sa kasalanan ni Adan, ang lahat ng tao ay isinilang na may sa pagkakasala at lahat sa kanila ay sumunod rito sa pamamagitan ng paggawa mismo ng kasalanan.

Ang mga sumusunod na mga pangungusap ay maaaring bigyang kahulugan sa gayung pagkaunawa:

- Kaya’t sa kanyang pagsuway marami ang patay(15)
- Paghuhukom ng isa para sa hatol na kamatayan (16)
- Naghari ang kamatayan dahil sa pagsuway ng isa(17)
- Dahil sa kanyang pagsuway ang kahatulan ay dumating sa lahat (18)
- Dahil sa kanyang kasalanan marami ang naging makasalanan (19)

Hindi sinabi ni Pablo na tayo’y nagkasala ng kasalanan ni Adan; kundi, si Adan ang nagsimula ng kasalanan at ang bawat isa ay sumunod sa kanya. Ang mga makasalanan ay

nangangailangan ng kapatawaran sa kanilang "maraming pagsuway"(16), hindi dahil sa kasalanan ni Adan.

Paunawa sa Bawat Talata *pagpapatuloy*

(12) Ang dahilan na ang kamatayan ay napasa sa lahat ng tao ay hindi dahil ang pagkakasala ni Adan ay ipinagan sa kanila, kundi ang lahat ay nagkasala. Si Adan ang siyang nagdala ng kasalanan sa mundo at dinala ang impluwensiya nito sa kanyang mga salinlahi.

(13-14) Ang kasalanan ay hindi nahayag at malinaw na nahatulan kung wala ang batas. Gayunman, maging hanggang sa matanggap ni Moises ang batas, naghari ang kamatayan. Nalalaman ng mga tao na sila ay nakakadama ng pagkakasala, kahit wala ang linaw na ibinibigay ng batas (tingnan 1:20). Ang tunay na lawak ng kasalanan ay ipinakita ng batas. "Ang kahalintulad ng pagsuway ni Adan" ay tumutukoy sa sinasadyang pagsuway sa isang inihayag na batas. Ang mga hindi nagtataglay ng anumang rebelasyon ay walang gayung kalinaw na pagpipilian; gayunman, hindi pa rin nila lubos na sinunod ang kanilang konsiyensiya. (1:15).

(15) Ang ginawa ni Adan ay naghatid ng kamatayan sa "marami", at ang ginawa ni Kristo ay nagdala ng buhay sa "marami". Ang binibigyang diin ay ang pagbabayad-sala ni Kristo ay higit pang nakakaabot ("higit pang marami") sa kanyang epekto kaysa sa kasalanan ni Adan. May mga taong naniniwala na ang kasalanan ni Adan kaya't ang bawat isa ay naging makasalanan, na ang biyaya sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ay iniaalok lang sa iilan. Subali't iyon ay hindi totoo ayon sa talatang ito. Nag-aalok ang Diyos ng biyaya sa lahat ng tao na naging makasalanan dahil sa pagkahulog ni Adan. Ang salitang *marami* ay may kasamang "ang" sa Griyego at nangangahulugang ang bawat isa sa pangkalahatan.

► Mula sa talatang 15, paano mo sasagutin ang isang tao na nag-iisip na nagkaloob ang Diyos ng kaligtasan sa maliit na porsiyento lamang ng sangkatauhan?

(16) Ang orihinal na kasalanan ay isang gawa lamang, subali't kailangan ang biyaya ngayon para sa maraming kasalanan. Ang biyaya ay dapat mas higit na malaki kaysa sa orihinal na kasalanan.

(17-19) Marami ang literal na naging makasalanan dahil sa epekto ng kasalanan ni Adan. Sila ay literal na gagawing matuwid ni Kristo. Ang implikasyon nito ay hindi sila nananatiling mga makasalanan.

(20) Pinadadami ng kautusan ang kasalanan dahil lumilikha ito ng mahabang listahan ng paglabag kung saan sa nakalipas kaunting kasalanan lamang ang kinikilala. Pinararami rin nito ang kasalanan dahil matapos malaman ng isang tao ang kautusan at pinipiling tanggihan ito, siya ay nagiging mas masamang makasalanan kaysa noong una. Ito ang kundisyong inilarawan sa 7:5-24. Subali't ang biyaya ay pinararami nang higit pa sa lahat ng kasalanan.

Kamangha-manghang Biyaya

Si John Newton ay may Kristiyanong ina, subali't siya'y naging isang marino at kapitan ng barko na nahulog sa matinding kasalanan. Nagdanas siya ng mahihirap na pangyayari sa kanyang buhay. Siya ay ipinagkanulo ng mga kaibigan at, sa loob ng ilang panahon, naging isang alipin. Nang bumuti-buti na ang kanyang kalagayan, nagpatuloy siya sa kasalanan at tumulong upang sirain ang buhay ng marami sa pamamagitan ng pangangalakal ng mga alipin. Siya ay kapitan ng isang barko ng mga alipin sa loob ng maraming taon. Minsan, nawasak ang kanilang barko at napadpad sa isang isla, subali't nailigtas ng isang kapitan na naging kaibigan ng kanyang ama. Naramdaman niya na naging maawain ang Diyos sa kanya kahit pa siya ay naging masa. Pagkalipas noon, ang kanilang barko ay napunta sa isang matinding bagyo; at tumawag siya sa Diyos upang humingi ng awa. Nakaligtas ang barko sa unos, at si Newton ay nagpatuloy sa pag-asa sa awa ng Diyos. Lumipas ang panahon at umalis na rin si Newton sa dagat at naging isang pastor. Isa sa mga himno na kanyang isinulat ay naging ang awit na pinakamaraming beses na inawit at pinakamaraming beses na naitala sa lahat ng panahon.

"Kahanga-hangang biyaya, kay tamis ng iyong tunog, na nagligtas sa isang kawawang tulad ko,

Ako ay naligaw, ngunit ngayo'y natagpuan, dating bulag ngunit ngayon ay nakakikita na."

Sa kanyang testimonya, sinabi ni Newton, "Ang Diyos sa kanyang awa ay iniahon ako sa malalim, maruming balon at inilagay ang aking mga paa sa ibabaw ng Bato, si Kristo Hesus. Iniligtas niya ang aking kaluluwa. At ngayon, ito ang naisin ng aking puso: na papurihan ka at parangalan ang kanyang walang katulad, malaya, makapangyarihan at natitirang biyaya dahil 'Dahil sa biyaya ng Diyos kaya't ako'y kung ano ako.' Malaking kagalakan sa aking puso na iniaasa ko ang aking kaligtasan nang lubusan sa biyaya ng Diyos."

Pagbabalik-Aral sa Aralin at Pagsusulit: Aralin 5

- (1) Ano ang pinaniniwalaan ng taong may pananampalatayang nakapagliligtas?
- (2) Ano ang suliranin na nilutas ng pagbabayad-sala?
- (3) Paano nilutas ng pagbabayad-sala ang suliranin?
- (4) Ano ang ibig sabihin ng pagpapawalang-sala?
- (5) Paano itinatag ng ebanghelyo ang batas?
- (6) Paano ipinakita ni Abraham ang pagpapawalang-sala sa pamamagitan ng pananampalataya?
- (7) Ano ang sinabi ni David tungkol sa pagpapawalang-sala sa pamamagitan ng pananampalataya?
- (8) Sino-sino ang mga anak sa espirituwal ni Abraham?
- (9) Paano natin nalalaman na ang kaligtasan ay iniaalok sa lahat?

Aralin 5 Takdang-aralin:

Sumulat ng isang pahina tungkol sa pagpapawalang-sala kabilang ang mga sagot sa mga sumusunod na tanong: Ano ang suliranin na nilutas ng pagbabayad-sala? Bakit hindi maaaring maligtas ng pagiging masunurin ang isang makasalanan? Paano ipinakita ni Abraham ang pagpapawalang-sala sa pamamagitan ng pananampalataya? Paano natin nalalaman na ang kaligtasan ay maaaring tanggapin ng lahat?

Aralin 6

Kalayaan Mula sa Kasalanan

Mga Direksiyon para sa Lider ng Klase

Dapat kolektahin ng tagapanguna sa klase ang mga nakasulat na takdang-aralin mula sa sinundang aralin. Hilingan ang ilang mag-aaral na pag-usapan ang kanilang isinulat.

Itanong ang mga tanong sa pagbabalik-aral mula sa naunang aralin at ilan pang tanong mula sa mga aralinng natapos na. Magbalik-aral at itama ang mga sagot kung kinakailangan.

Kasalanan

► Ano ang kasalanan?

Ang Kabanata 6 ng Roma ay tungkol sa pagliligtas mula sa kapangyarihan ng kasalanan. Upang maunawaan ang tagumpay, dapat nating maunawaan kung ano ang kasalanan.

Karaniwang nagsasalita ang Biblia tungkol sa mga gawang kasalanan bilang mga sinasadyang kilos. (1 Juan 3:4-9, Santiago 4:17). Kung nalalaman ng isang tao na ang isang gawa ay mali subali't pinipili pa rin niyang gawin ito, iyon ay sinasadyang kasalanan na naglalagay sa kanya sa pananagutan sa Diyos. Ang pag-ibig ang humihikayat sa atin na sundin ang Diyos.

Ang mga hindi alam o di-sinasadyang paglabag sa batas ng Diyos ay hindi sumisira sa ating relasyon sa Diyos. Habang lumalakad tayo sa liwanag [ayon sa katotohanan na nalalaman natin], tayo ay nililinis mula sa lahat ng kasalanan (1 Juan 1:7) at hindi dapat matakot na ang mga paglabag na hindi natin nalalaman ay magdadala sa atin sa paghatol o maghihiwalay sa atin mula sa Diyos.

Kinakailangan nating "lumakad sa liwanag," na ang ibig sabihin ay nagpapatuloy na binabago ng katotohanan ng Diyos habang natututuhan natin ito. May mga di-pagkakaparepareho at mga maling aksiyon na nakasasama hangga't hindi ito nauunawaan at binabago ng tao.

Ang talata na ito ay pangunahing nangungusap tungkol sa kasalanang sinasadya, kung saan ang tao ay hinahatulan kung hindi siya magsisisi at humanap ng kapatawaran.

Panimula sa Ika-4 na Bahagi

Ang ika-4 na bahagi ng Roma ay binubuo ng Kabanata 6-8 at maaaring tawaging "Pagpapaging-Banal ng mga Pinawalang-sala."

Hanggang sa puntong ito, nagsasalita si Pablo tungkol sa *ipinataw na katwiran*. Ito ang katwirang ibinibilang sa isang mananampalataya kapalit ng kanyang mga nakaraang mga kasalanan. Ngayon nagsisimula siyang ilarawan ang ibinahaging katwiran. Ang ibinahagin katwiran ay ibinigay rin bilang biyaya sa oras ng pagpapawalang-sala at nangangahulugan na ang mananampalataya ay nagiging aktuwal na makatwiran sa pamamagitan ng kalayaan mula sa kapangyarihan ng kasalanan at ginagabayan ng Banal na Espiritu upang makapamuhay nang banal. Samakatuwid, ang mananampalataya ay hindi lamang binibilang na banal, kundi siya ay pinapagiging-banal; ang gawaing ito ng biyaya ay tinatawag na pagpapaging-banal.

Sa araling ito, pag-aaralan natin ang Kabanata 6, “Kalayaan mula sa Kasalanan.”

Pangunahing Punto ng Kabanata 6

Ang mananampalataya ay malaya mula sa pagkaalipin sa kasalanan at dapat piliin na mamuhay sa kalayaan sa kasalanan at pagsunod sa Diyos. Kung hindi, siya’y babalik sa ilalim ng kontrol ng kasalanan.

Buod ng Kabanata 6

Ang kabanatang ito ay tumatalakay sa maling kaisipan ng maraming tao pagkatapos nilang marinig ang tungkol sa biyaya. Ang ideyang ito ay tinatawag na “*antinomianism*”, o pagsuway sa batas ng Diyos. Ang *antinomian* ay isang tao na itinatangi na kinakailangan ng isang mananampalataya na mamuhay nang may pagsunod sa Diyos. Ang kanilang kamalian ay batay sa kanilang maling pagkaunawa sa biyaya. Ipinakilala ni Pablo ang konsepto ng *antinomianism* na may dalawang mapagpalagay na mga tanong (1, 15).

Ang tanong sa talatang 1 ay ang reaksiyon ng *antinomian* sa pangungusap sa 5:20: “Kung saan sagana ang kasalanan, mas higit na sagana ang biyaya.” Maaari niyang sabihin na dahil ang ating talaan ng kasalanan ay pinalitan na ng ipinataw na katuwiran, hindi na mahalaga kung tayo’y nagpapatuloy sa pagkakasala. Mas maraming kasalanan ang ating nagagawa, mas higit na maraming biyaya ang ating matatanggap.

May mga tao rin na nag-iisip na dahil tayo ay tinanggap sa pamamagitan ng biyaya at hindi sa pamamagitan ng ating mga ikinikilos, hindi na mahalaga kung ano ang ating ginagawa (15).

Matinding tinanggihan ni Pablo ang dalawang panig. Ipinaliwanag niya sa dalawang ito kung bakit napakahalaga ng tagumpay laban sa kasalanan.

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Kabanata 6 para sa grupo.

Paunawa sa Bawat Talata

(1) Itinanong dito ng apostol ang maaaring itanong ng sinuman pagkatapos na marinig na ang biyaya ay mas masagana kaysa sa kasalanan. Maaaring isipin ng sinuman na ang kasalanan ay aktuwal na mabuti sa mga resulta nito dahil gumagawa itong daan para sa

mas higit na biyaya. Ang ideyang ito ay magsasabing tayo ay malayang mamuhay nang walang ingat sa kasalanan.

(2) Tumugon ang apostol sa tanong na iyon na tila ba ito ay talagang wala sa lugar. Ipinaliwanag niya pagkatapos na hindi maaaring magpatuloy tayong namumuhay sa kasalanan, dahil tayo ay mga patay na sa kasalanan.

(3-5) Hindi tayo nagpapatuloy sa kasalanan dahil tayo ay nakipagkaisa na kay Kristo sa kanyang kamatayan at muling pagkabuhay. Tulad ng ipinapaliwanag sa Roma 5:15-19, tinupad ni Hesus ang gawain ng pagliligtas para sa ating lahat. Sa pamamagitan ng pananampalataya tayo ay nauugnay sa kaya, upang ang pabor ng Diyos ay nakaabot sa atin tulad ng kay Kristo.

Si Hesus ay minsan lamang namatay sa kasalanan, at pagkatapos ay nabubuhay para sa Diyos. Ang kamatayan ni Hesus ay para sa atin kasalanan at hindi para sa kanyang sarili, subali't ang punto ay: ang usapin tungkol sa kasalanan ay tapos na. Sa pamamagitan ng pananampalataya, tayo ay namatay na at muling nabuhay na kasama niya; upang tayo man ay tapos na sa kasalanan.

Ang bautismo ay muling pagsasadula sa kamatayan at muling pagkabuhay, na sumisimbolo ng ating pakikiisa.

(6) Ang "lumang pagkatao" ay kumakatawan sa makasalang buhay bago ang pagbabalik-loob. (Ang isang seksiyon sa araling ito ay nagpapaliwanag ng konsepto ng "Ang Lumang Pagkatao") Ang buhay na makasalanan ay lubusan nang natapos, upang tayo ay hindi na maging alipin ng kasalanan.

Pansinin ang mga salitang ginamit sa talatang ito tungkol sa kung ano ang nangyari sa kasalanan: "namatay", "Ipinako", at "nawasak." Hindi ipinahihiwatig ni Pablo ang anumang unti-unting pagkakaligtas. Hindi niya ipinahihiwatig ang bahaging tagumpay o ang kasalanan ay nagpapatuloy sa anumang paraan. Ang mga talata ay nagpapahayag ng lubusang tagumpay laban sa kasalanan.

(7-11) Ang binibigyang-diin sa mga talatang ito ay: ang kontrol ng kasalanan ay lubusang naputol na para sa mananampalataya. Ang paglalarawan ay kamatayan. Ang isang taong patay ay ligtas na sa kasalanan, at tayo ay dapat magkaroon ng espirituwal na karanasan na tulad sa kamatayan.

Pagkatapos ng muling pagkabuhay, hindi na muling namatay si Hesus at hindi nagpatuloy na patay. Natapos na siya sa kamatayan. Dapat tayong lubusang mamatay sa kasalanan at matapos na dito. Ang kamatayan sa kasalanan ay hindi isang kundisyon na kailangang patagalin ng isang tao. Ang kamatayan sa kasalanan ay dapat mabilis na matapos, pagkatapos tayo'y mabubuhay para sa Diyos.

Ang pakikipagkaisa ng Kristiano sa kamatayan ni Kristo sa kasalanan, sa kanyang pagkalibing, at sumunod na pagkabuhay na muli na inilarawan ni Pablo sa Roma 6:1-23 ay

nagpapalaya sa Cristiano mula sa kapangyarihan at pagkaalipin sa kasalanan. Siya ay ipinahayag na "patay na sa kasalanan" (Roma 6:2) at pinalaya na mula rito (Roma 6:7). Siya din ay inuutusang isipin ang kanyang bagong relasyon kay Kristo at kamatayan sa kasalanan bilang isang bagay na higit pa sa simpleng legal na "katayuan" niya sa mga mata ng Diyos. Sa pamamagitan ng pananampalataya dapat niyang ariin ang kaniyang sarili bilang patay sa kasalanan, subali't buhay sa Diyos kay Kristo Hesus (Roma 6:11). Nangangahulugan ito na dapat ilagay sa personal na karanasan ng isang Kristiano kung ano ang idinideklara ng Diyos na totoo tungkol sa kanya. Hindi na niya dapat hayaan ang kasalanan na maghari sa kanyang mortal na katawan (Roma 6:12), o kaya'y gamitin ang alinmang bahagi ng kanyang katawan bilang instrumento ng kawalang-katwiran (Roma 6:13a). Sa halip, dapat niyang ihandog ang kanyang sarili bilang handog na buhay, banal at katanggap-tanggap sa Diyos (Roma 12:1), at gamitin ang kanyang katawan bilang instrumento ng katwiran (Roma 6:13, 19). (Allan Brown, "Ang Suliranin na Nakakahadlang sa Ating Pagpapaging-banal")

Ang "*reckon*" (o patotoo) ay isang termino ng pagpapatunay. Ito ay ang pagpapatunay kung ano ang totoo. Ito ay hindi isang pangungusap na may pagkukunwari. Hindi sinasabi ng apostol sa mga mananampalataya na magsabi ng isang bagay na hindi totoo. Dapat mapagtanto ng mananampalataya na siya ay lubusan nang naligtas mula sa kasalanan na tulad ng siya ay patay, at dapat niyang piliin na mamuhay sa lubusan kalayaan mula sa kapangyarihan ng kasalanan.

► Ano ang ibig sabihin ng: ibilang mo ang iyong sarili na patay na sa kasalanan?

Ang natitira pang bahagi ng kabanatang ito ay nagpapaliwanag ng ibang dahilan kung bakit mahalaga ang tagumpay laban sa kasalanan. Hindi tayo mga alipin ng kasalanan, kundi mga alipin ng Diyos. Imposible na mahulog sa kasalanan nang hindi nagiging alipin nito. Hindi ka maaaring magsilbi sa dalawa. Nang ikaw ay alipin pa ng kasalanan, wala kang ginawang katuwiran (20). Ngayon ikaw ay malaya na sa kasalanan at alipin na ng Diyos; samakatuwid, ikaw ay nabubuhay na sa kabanalan. (22).

(12-13) Dito nakakikita tayo ng paghahambing. Kung wala tayong tagumpay laban sa kasalanan, paghaharian tayo ng kasalanan. Ang mga mananampalataya ay hindi kontrolado ng mga pagnanasang makasalanan. Ang paggamit ng iyong katawan upang gumawa ng mali ay pagpapasakop nito sa awtoridad ng kasalanan. Sa halip, ang iyong katawan ay pag-aari ng Diyos at dapat gamitin para sa kanya.

(14) Ang pagiging "nasa ilalim ng kautusan" ay nangangahulugan na walang biyayang nakapagliligtas at, sagayun, hinahatulan batay sa mga gawa. Dahil walang sinumang walang biyaya ang maaaring mabuhay nang walang kasalanan, ang mapasailalim ng kautusan ay nangangahulugan na mahatulan (ng kamatayan) at nasa ilalim ng kapangyarihan ng kasalanan. Ang taong nasa ilalim ng biyaya ay wala sa ilalim ng

kapangyarihan ng kasalanan. Ang pagiging nasa ilalim ng kautusan o nasa ilalim ng biyaya ay hindi tumutukoy sa pagiging nasa Lumang Tipan o nasa Bagong Tipan.


► Ang depinisyon ng pagiging “nasa ilalim ng kautusan” ay mahalaga. Hilingan ang mga mag-aaral na muling ipaliwanag sa kanilang sariling salita kung ano ang ibig sabihin ng pagiging nasa ilalim ng kautusan.

(15) Dito nagtanong ang apostol ng tanong na maaaring itanong ng isang tao matapos niyang marinig na tayo ay wala na sa ilalim ng kautusan: “Maaari ba tayong magkasala, dahil wala na tayo sa ilalim ng kautusan?” Ang tao ay nag-iisip na kung ang pagtanggap sa atin sa harap ng Diyos ay hindi nakakamit sa pamamagitan ng ating pagsunod, sagayun hindi na kinakailangan ang pagsunod. Maraming tao ngayon ang nag-iisip nang katulad nito. Matibay ang sagot ni Pablo sa tanong na ito.

Hindi direktang ipinaliwanag ni Pablo kung bakit hindi awtomatikong tinatakpan ng biyaya ang nagpapatuloy na kasalanan. Sa halip, ipinaliwanag niya na ang isang tao ay hindi maaaring maging alipin ng Diyos kung siya ay nasa ilalim ng kapangyarihan ng kasalanan.²⁷

(16) Ikaw ay alipin ng sinumang iyong sinusunod. Kung sinusunod mo ang kasalanan, ang kasalanan ang iyong panginoon; na ibig sabihin hindi ang Diyos ang iyong panginoon. Tulad ng sinabi ni Apostol Pedro, “Ang sinumang tumatalo sa isang tao ay nagdadala sa kanya sa pagkaalipin” (2 Pedro 2:19). Hindi ka maaaring magpasakop sa kasalanan nang hindi nagiging alipin ng kasalanan.

(17-18) Iniligtas na ang mga mananampalataya mula sa kapangyarihan ng kasalanan at ngayo’y naglilingkod nang makatwiran. Naranasan nila ang pagliligtas na ito sa pamamagitan ng pagsunod sa ebanghelyo. Muli, ipinahayag na na upang maglilingkod sa katwiran kinakailangan na sila’y mailigtas muna sa kasalanan.



Ang militar na Romano ay mas higit kaysa iba ang pagsasanay, disiplina, at kagamitan. Sa Efeso 6:13-17, ginamit ni Pablo ang baluting Romano bilang ilustrasyon para sa espirituwal na pakikidigma.

²⁷ Image from Piqsels, retrieved from <https://www.piqsels.com/en/public-domain-photo-sriuc>.

Ang buong kabanata ay naghahayag ng lubusang salungatan sa pagitan ng paggawa ng kasalanan at pamumuhay sa tagumpay. Walang anumang implikasyon na maaaring ang isang mananampalataya ay nasa ilalim ng kapangyarihan ng kasalanan o upang ang isang makasalanan ay maging matuwid habang nagpapatuloy sa kasalanan. Magiging mahirap humanap ng paraan kaya't masasabi iyon ni Pablo nang mas malinaw.

(19) Sinabi niya na ipinapaliwanag niya iyon sa salitang nauunawaan nila. Noon, sila ay nahulog sa kasalanan, na nagdala sa kanila sa mas malalim pang mga kasalanan. Ngayon, dapat silang maging matuwid sa kanilang mga ikinikilos, na kinakailangan sa kabanalan. Hindi nagiging banal ang sinuman sa paggawa ng tama, subali't hindi siya banal kung hindi siya gumagawa ng tama.

► Paano mo ipapaliwanag na imposible ang maglingkod sa Diyos at mamuhay sa kasalanan nang sabay?

(21-23) Walang ibinubungang mabuti ang kasalanan, subalit natural na nagwawakas sa kamatayan. Ang makasalanan ay kumikita ng kamatayan; kamatayan ang kabayaran sa kasalanan. Hindi kinikita ng mananampalataya ang buhay na walang hanggan, dahil hindi niya kayang kitain yun; tinatanggap niya iyon bilang isang kaloob na biyaya.

Ang Tunay na Batayan ng Personal na Katiyakan ng Kaligtasan

Ni Tim Keep

Ang modernong bersiyon ng *antinomianism* ay ang modernong doktrina ng walang kundisyong walang hanggang seguridad, na bumabaluktot sa biblikal na katuruan ng katiyakan. Itinuturo ng doktrinang ito na sa oras na "tanggapin si Kristo" ng isang tao ang kanyang kaligtasan ay sigurado na *kahit na ang kanyang pamumuhay ay lubusang sumasalungat sa kanyang sinasabi*. Kahit na ang pag-aangkin ng kaligtasan ay hindi nakikita sa pagbabago sa buhay; kahit na walang nakikitang bunga ng pagsisisi at pagbabalik-loob; at kahit na ang nagpapahayag ay tumatangging maging tunay na tagasunod ni Hesus. Basta dinasal na niya ang "panalangin ng makasalanan" formula siya ay hinihikayat na angkinin pa rin ang kaligtasan. Ito ay isang nakamamatay na panlilinlang at sinasalungat ng maraming talata sa kasulatan.

*"Tayo ay lumapit nang may **dalisay na puso na may lubos na katiyakan ng pananampalataya**, taglay ang ating mga puso na inalis mula sa masamang budhi, at ang ating mga katawan ay hinugasan ng dalisay na tubig"* (Hebreo 10:22)

*"Na mga **iningatan** ng kapangyarihan ng Diyos **sa pamamagitan ng pananampalataya para sa kaligtasan na handang ihayag sa huling panahon**"* (1 Pedro 1:4).

Mula sa mga talatang nalaman natin na ang biblikal na katiyakan ng kaligtasan ay depende sa **pananampalataya**:

- **Ang katiyakan ng pananampalataya ay depende sa pananampalataya na nakauunawa – “lubos na katiyakan.”** Ang katiyakan ay nagsisimula sa isang malinaw na pagkaunawa sa ebanghelyo (1 Cor. 15: 3-4). Ito ang “pagkaalam sa katiyakan” na binanggit sa Colosas 2:2. Ang kaligtasan ay sa pamamagitan ng biyaya lamang, sa pamamagitan ng pananampalataya sa pampalit na kamatayan ni Kristo para sa ating kapakanan (Efeso 2:8-9). Ang kinakailangan sa kaligtasan ay hindi ang walang kasalananang perpeksiyon (walang sinumang makakatugon) o pakiramdam na ligtas sa lahat ng panahon, kundi ang nagpapatuloy na pagtitiwala sa merito ni Kristo at sa natapos na gawa ng pagtubos kahit pa tayo ay nagkukulang. Ang isang pasyon ng pagiging matapat ang susunod sa tunay na pananampalatayang nakapagliligtas.
- **Ang katiyakan na kaligtasan ay depende sa matapat na pananampalataya – “isang pusong tunay”.** Ang isang sinserong nagbalik-loob ay iyong “nilinis na mula sa masamang budhi.” Ang pagkadama ng pagkaksala at kahihyan ay naalis na at napalitan na ng kapayapaan at pag-ibig. Ang sinserong nagbalik-loob ay siya na ang katawan ay “hinugasan na ng dalisay na tubig” dahil ang mga lumang bagay ay lumipas na at ang lahat ng bagay ay ginawa nang bago (2 Corinto 5:17). Ang isang sinserong nagbalik-loob ay siya na nagpapatuloy sa pagkilala at paghahayag ng kanyang mga kamalian (Mateo 6:12, Santiago 5:16).
- **Ang katiyakan ay nakakundisyon sa buhay na pananampalataya –“iningatan ng kapangyarihan ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya”.** Ang salitang *iningatan* ay nangangahulugan na ipagsanggalang tulad ng sa isang kastilyo o muog! Ang banal na kapangyarihan ng Diyos ay nagsasanggalang, nag-iingat, at sa wakas ay nagdadala sa atin sa tagumpay. Ang kapangyarihan ng nakapaglilinis na dugo ni Kristo at ang kapangyarihan ng kanyang muling pagkabuhay na ating tinatanggap sa pamamagitan ng pananampalataya ang siyang nagpepreserba sa ating mga kaluluwa hanggang sa buhay na walang hanggan. Ang tanging tunay na pananampalatayang nakapagliligtas ay ang pananampalatayang nagtitiis; pananampalatayang nananatiling nagtitiwala kay Kristo at sa kanyang natapos na gawain sa krus. Ang pananampalataya ay hindi isang gawa, kundi ito ay isang kundisyon para sa kaligtasan. Ang sumulat ng Hebreo ay ganito ang sinabi: “Kung walang pananampalataya imposible na malugod siya” (Hebreo 11:6).

Maraming mga tao ang naniniwala na ang pagdadagdag na anumang kundisyon sa kaligtasan ay legalismo, subali’t si Hesus at ang bawat manunulat ng Bagong Tipan ay malinaw na nagturo ng kahalagahan ng nagpapatuloy na pananampalataya.

“Kung kayo ay magpapatuloy sa aking mga salita, sagayun, kayo nga ay tunay na aking mga tagasunod” (Juan 8:31).

“Kung kayo ay magpapatuloy sa pananampalataya, matatag at hindi matitinag, at hindi mailalayo mula sa pag-asa sa ebanghelyo...” (Colosas 1:23)

"Ang **matuwid ay mabubuhay sa pananampalataya**; subali't **kung** ang sinuman ay **aatras**, ang aking kaluluwa ay mawawalan ng kasiyahan sa kanya." (Hebreo 10:38).

"Na may **pananampalataya**; at malinis na budhi; at ang abuting konsensya; may mga taong **hindi sumunod sa kanilang budhi at dahil dito'y winasak nila ang kanilang pananampalataya**" (I Timothy 1:19).

Sa paglalarawan sa katiyakan ng kaligtasan, sinabi ni John Wesley,

"Ang aking aliw ay nananatili, hindi sa anupamang opinyon, na ang isang mananampalataya ay maaari, o hindi mapapalayo, hindi sa pag-alaala ng anumang *nagawa* sa akin sa nakalipas; kundi kung ano ang sa ngayon, sa aking kaalaman sa *kasalukuyan* sa Diyos kay Kristo, ipinakipagkasundo ako sa kanyang sarili; sa aking *ngayon* namamangha sa liwanag ng kaluwalhatian ang Diyos sa mukha ni Kristo Hesus; lumalakad sa liwanag dahil siya ay nasa liwanag, at nakikipagkaisa sa Ama at sa Anak. Ang aking aliw ay sa pamamagitan ng biyaya maaari akong sumampalataya sa Panginoong Hesu Kristo, at sa Espiritu na nagpapatotoo sa aking Espiritu na ako ay anak ng Diyos. Nais ko ang kaaliwan dito at dito lamang, na nakikita ko si Hesus sa kanang kamay ng Diyos, na ako ay personal na para sa aking sarili, at hindi sa iba, nagtataglay ng lubos na pag-asa sa kawalang-kamatayan, na nararamdaman ko ang pag-ibig ng Diyos na ibinuhos sa aking puso, ang kasalanan ay ipinako sa akin. Ang aking kagalakan ay ito: ang testimonya ng aking budhi, na sa pagiging simple at sinsero, hindi dahil sa karunungan ng katawan, kundi sa biyaya ng Diyos ako'y nakikipag-usap sa daigdig na ito. Humayo at humanap, kung magagawa mo, ng mas matibay na kagalakan; ng mas kaaliwan na may katuwaan sa bahaging ito ng langit. Kung aasa ka sa anumang ibang kaaliwan na wala nito, sumasandal ka sa mahinang tangkay ng tambo, na bukod sa hindi kakayanin ang iyong bigat, kundi susugat pa sa iyong kamay."

► Mula sa mga konsepto sa seksiyon sa unahan, paano mo ipapaliwanag na ang isang Kristiyano ay maaaring magkaroon ng katiyakan ng kaligtasan batay sa isang buhay na pananampalataya?

Pagtuunan ng Pansin:"Ang Lumang Pagkatao"

Ang salitang *lumang pagkatao* ay ginamit ng tatlong beses lamang sa Kasulatan. Lahat ng tatlong beses ay ginamit ni Pablo. Sa paghahambing sa tatlong pagkakataong ito sa iba't ibang konteksto, maaari nating makita kung ano ang kahulugan ng salita.

Colosas 3:9

Sinasabi ng Colosas 3:9-10a, "Huwag kayong magsinungaling sa isa't-isa, upang makita na hinubad na ninyo ang lumang katauhan at ang mga gawa nito; at isinuot na ninyo ang bagong katauhan..." Sinabi ni Pablo na hinubad na ng mga mananampalatayang ito ang

lumang katauhan. Hindi niya ibig sabihin na sila'y lubusan nang pinapaging-banal, dahil ang karamihan sa Kabanatang 3 ay tumatawag sa kanila na magpakabanal.

Nauna rito sinabi niya sa mga mananampalataya sa Colosas na, "Hanapin muna ninyo ang mga bagay mula sa itaas...ilagay ninyo ang inyong pagmamahal sa mga bagay sa itaas... Dahil kayo ay patay, at ang inyong buhay ay nakatago kasama ni Kristo sa Diyos." Nagpatuloy pa siya at sinabi, "Dapat nang mawala sa inyo ang mga pitang makalaman: pangangalunya, kahalayan, mahalay na simbuyo ng damdamin, masasamang nasa...." Ginagawa pa rin ba ng mga taga-Colosas ang mga kasalanang ito? Hindi, dahil ang sumunod na talata (6) ay nagsasabi na ang mga makasalanang ito ay nasa ilalim ng paghatol ng Diyos, at ang talata 7 ay nagsasabi na ginawa ito ng mga mananampalataya noong dati. Kaya't ngayon hindi na nila ginagawa ang mga kasalanang ito; gayunman, hindi pa rin nila, sa ibang kahulugan, pinatay ang mga kasalanang ito.

Pagkatapos, nanawagan siya sa kanila upang hubarin ang iba pang bagay na hindi pa nila inaalis: pagkagalit, poot, malisya, maruming pananalita, sama ng loob at iba pa. (8). Pagkatapos, dumating tayo sa pangungusap na dapat nilang gawin ang lahat ng ito dahil hinubad na nila ang lumang katauhan kasama na ang kanyang mga ginagawa.

Tinawag niya sila sa lubos na kabanalan sa paglalarawan ng mga banal na katangian (12), pagkatapos ay hinikayat silang maging katulad ni Kristo sa kanilang mga pakikipag-ugnayan (13), pagkatapos, sinabihan silang isuot ang pag-ibig, "na siyang bigkis ng pagiging ganap" (14).

Tila malinaw na sa kontekstong ito ang lumang katauhan ay isang bagay na inalis na sa oras ng pagbabalik-loob. Dahil ginawa na nila iyon, naniniwala si Pablo na maaari na silang sumulong sa lubos na kabanalan.

Efeso 4:22

Ang talata na ito ay kasama sa sipi na katulad ng nasa Colosas. Sa 4:17-19, inilarawan niya ang paraan ng pamumuhay ng di- mananampalataya; pagkatapos inihambing ito sa buhay ng isang mananampalataya. Ang mga talatang 21-24 ay naglalarawan kung ano ang ibig sabihin ng "natutuhan ko si Kristo" (20) at ang "marinig siya" at "tinuruan niya" (21). Kabilang sa mga bagay na ito ang paghuhubad sa lumang pagkatao at pagsusuot ng bagong pagkatao. Ito ay bahagi nang nangyari nang sila ay nagbalik-loob.

Ang sipi sa Efeso ay sumusunod sa huwaran na katulad ng sa Colosas 4. Pagkatapos ng pangungusap na ang paghuhubad ng lumang pagkatao ay bahagi ng ebanghelyo na kanila nang natutuhan, ang unang utos ni Pablo ay ang pag-aalis ng pagsisinungaling. Nagpatuloy pa siya na binabanggit ang pagkagalit, masamang pananalita, at malisya. Sinabi niya sa kanila na maging mabait at mapagpatawad. Ang lahat ng mga bagay na ito ay binanggit rin sa Colosas pagkatapos ng pangungusap na ang lumang pagkatao ay inialis na.

Ang lumang pagkatao ay hindi isang bagay na kinakailangan pang alisin ng mananampalataya, kundi isang bagay na hinubad na nang magbaglik-loob. Hindi pa sila

lubusang banal, at tinawag sila ni Pablo sa lubusang kabanalan sa kanilang buhay na magiging katulad nang sila’y magsimula nang alisin nila ang lumang pagkatao.

Roma 6:6

Sa sipi na ito, gumawa si Pablo ng malaking paghahambing sa pagitan ng isang makasalanan at ng isang mananampalataya. Ang pangunahing punto ng kabanata ay ang pagkakaroon ng tagumpay laban sa kasalanan ng isang taong nagbalik-loob na. Isa sa mga dahilan na ibinigay niya upang patunayang ang mananampalataya ay may tagumpay laban sa kasalanan ay ang lamang katauhan ay napako na sa krus. “At nalalaman natin, na ang ating lumang katauhan ay napako nang kasama niya, upang ang katawang makasalanan ay masira na, at magmula rito ay hindi na tayo maglingkod sa kasalanan.” Malinaw na sinasabi niya na ang mananampalataya ay malaya na sa kasalanan dahil sa isang bagay na natapos na sa oras ng pagbabalik-loob.

Konklusyon

Kaya’t ano nga ang kahulugan ng salitang *lumang katauhan*? Ang lumang katauhan ay ang buhay na makasalanan na nakasentro sa sarili na iniwan ng makasalanan sa oras ng kanyang pagbabalik-loob.

Ang bagong nagbalik-loob ay nagtataglay pa rin ng mga gawain at kaugalian na mas natutulad sa lumang katauhan kaysa sa bago. Kaya nga’t sinabi ni Pablo sa mga mananampalataya na gumawa pa ng tuloy na pagbabago sa kanilang mga buhay na magiging kaangkop sa kanilang pagtanggì na sa lumang katauhan. Sinasabi niya, “Dahil iniwan na ninyo ang dating buhay na makasalanan, kailangan ninyong itigil na ang anumang kaugalian na hindi naaangkop sa bagong buhay nang katwiran.”

Ang Ipinagkaloob ni Hesus Para sa Ating Pagpapaging-banal

²⁸Sa Roma 6:1-10 sinabi sa atin ang tungkol sa ginawa ni Hesus para sa ating personal na pagpapaging-banal. Kapag tayo’y ipinanganak na muli, tayo ay inilagay na kay Kristo. Ang lahat ng natupad niya sa kanyang pagkamatay at muling pagkabuhay ay naging sa atin sa pamamagitan niya. Ang ibig sabihin nito, kay Kristo mayroon tayong mapagkukunan para sa lubos na tagumpay laban sa kasalanan.

Dahil sa ating pakikipagkaisa kay Kristo, anumang nangyari sa kanya ay nangyari sa akin. Nang siya’y mamatay, ako’y namatay. Nang siya’y muling mabuhay, ako’y kasama niyang muling nabuhay. Dahil sa ating buhay na pakikipag-isa kay Kristo, ang mananampalataya ay may lubusang bagong relasyon sa kasalanan. Ngayon tayo’y patay na sa kasalanan. Patay na tayo kapwa sa mga gawa ng kasalanan gayun din sa prinsipyo ng kasalanan. Ito ang ating kalagayang relasyon sa kasalanan.

²⁸ Mga Parapo mula sa “Ang Ipinagkaloob ni Hesus Para sa Ating Pagpapaging-banal” na isinulat ni Allen Brown

Dahil sa ating pakikipagkaisa kay Kristo, ngayon ay lumalakad tayo sa "pagiging bago ng buhay" dahil nakikibahagi tayo sa kanyang muling pagkabuhay.

Dahil sa ating pakikipagkaisa kay Kristo, ang kanyang pagkapako ay nagiging aking pagkapako. Dahil ang kanyang kamatayan ay lumupig sa kapangyarihan ng kasalanan, hindi na tayo hawak ng kasalanan sa ating buhay.

Ano ang kahulugan ng "reckon?" Ito ay isang salitang ginagamit sa *bookkeeping*. Ibig sabihin ay itala kung ano ang naroon. Ginamit ito sa Rom 4: 1-12 na may kaugnayan sa pagpapawalang sala kay Abraham (Ang salitang Griego ay ginamit nang 11 beses sa Bagong Tipan, isinalin nang "bilangin" 2 beses; "italan" 3 beses; "ilapat" 6 na beses). Ito ay tumutukoy sa pakikibahagi sa pamamagitan ng pananampalataya sa kalayaan mula sa kasalanan at pakikiisa sa Diyos na ipinagkaloob sa pagbabayad-sala at muling pagkabuhay ni Kristo." (Purkiser, *Exploring Christian Holiness*, Vol. 1, 138)

"Ito [Ang ibilang ang sarili na patay sa kasalanan at buhay sa Diyos] ay hindi kumakatawan sa pagtatakip na "naglalapat" ng katuwiran na hindi naman tunay na umiiral. Ito ay kumakatawan sa pagbibigay sa listahan ng isang tao (ginawa ng Diyos bilang tugon sa pananampalataya) ng paglilinis na sa katotohanan ay naganap na." Nangangahulugan ito na dapat nating "ibilang" ang ating sarili na totoong patay na sa kasalanan, paniwalaan ito, at mabuhay sa araw-araw sa liwanag ng katotohanang iyon.(Earle, *Word Meanings in the New Testament*, 138, 168).

Ano ang paraan ng pagtatala? Sa pamamagitan ng pananampalataya, tinanggap ko ang Salita ng Diyos bilang Katotohanan para sa aking puso. Idinedeklara ko sa awtoridad ng dinagkakamali at walang kamaliang Salita na ako ay pinalaya na mula sa lahat ng kasalanan at lubusang nabubuhay sa Diyos kay Kristo Hesus na aking Panginoon.

Bilang isang boluntaryong alipin ng pag-ibig kay Hesu-Kristo, kusang loob mong iniwan ang mga kaugalian at mga kilos na mga katangian ng lumang buhay. Ang lubusang pagsuko kay Hesus ay isang kagalakan! At bilang resulta ng ating relasyon, tayo'y nagiging mga kabahagi ng buhay na walang hanggan.

Konklusyon:

Nakita natin na ito ang ating pribilehiyo na binili ng dugo upang magkaroon ng lubusang kalayaan mula sa kumukontrol na kapangyarihan ng kasalanan. Ngunit higit pa sa rian, iniutos ng Diyos na tayo ay maging mapagtagumpay.

Marahil hindi mo pa napagtatanto ang katotohanang ito noon. Iniligtas ka ng Diyos at ikaw ay lumalakad sa isang bagong buhay; subali't nakikita mo na ang kasalanan ay patuloy pa ring lumilitaw sa iyong buhay. Ayaw mong mangyari ito! Subali't may bagay sa iyong kalooban ang nagnanais na masunod ang kanyang sariling paraan. Kung ito ang nangyayari, nais kong hamunin ka na sundin ang utos ni Pablo na *ariin* ang iyong sarili na tunay ngang patay na sa kasalanan (6:11) at *ipagtiwala* ang iyong sarili sa Diyos. (6:13).

Ibigay mo sa Kanya ang lubos na pagkontrol! Kung gagawin mo ito, ipinapangako niya na lilinis niya ang iyong puso ng mga nananatiling mga kasalanan at pupuspusin ka ng kanyang Banal na Espiritu, na nagbibigay sa kanya ng kakayahang mabuhay nang malaya sa kapangyarihang kumukontrol ng kasalanan. Paniwalaan mo ang sinasabi ng Diyos at angkinin sa pamamagitan ng pananampalataya ang iyong kalayaan mula sa kasalanan.

► Ano ang ibig sabihin ng “pakikipag-kaisa kay Kristo”? Ano ang aasahan mo sa iyong buhay dahil ikaw ay nakipag-isa kay Kristo?

Paano Ipamumuhay ang Buhay na Matagumpay

Napag-isipan mo na ba kung talagang posible na mamuhay sa lubos na tagumpay laban sa kasalanan? Ipinangako ng Diyos ang biyayang nagbibigay ng kakayahan na higit pa kaysa sa ating kahinaan sa tukso:

“Wala pang pagsubok na dumating sa inyo na hindi naranasan ng lahat ng tao, subali’t matapat ang Diyos, hindi niya ipapahintulot na ikaw ay tuksuhin nang higit sa iyong makakaya, subalit kasama ng pagsubok gagawa siya ng paraan upang mapagtagumpayan ito.” (1 Corinto 10:13).

Sinasabi ng talatang ito sa atin ang ilang mahahalagang bagay:

Una, ang bawat pagsubok ay karaniwan sa sangkatauhan. Dumarating ito dahil sa ating pagiging tao at nakatuon sa ilang kahinaan ng tao. Ibig sabihin ang mga paghihirap na pinagdaraan mo ay hindi talagang tanging sa iyo lamang.

Ikalawa, sinasabi nitom na nalalaman ng Diyos ang ating mga limitasyon. Nauunawaan niya kung hanggang saan ang kaya nating tiisin. Hindi natin tunay na nalalaman kung hanggang saan ang kaya nating tiisin, subalit alam ito ng Diyos.

Ikatlo, nililimitahan ng Diyos ang mga pagsubok na dumarating sa atin dahil nais niya na mamuhay tayo nang matagumpay. May mga tao na nag-aakala na ang mga pagsubok ay kadalasan higit sa ating makakaya dahil tayo ay tao. Inaakala nila na ang tagumpay sa lahat ng pagkakataon ay imposible, subalit ayon sa talatang ito, hindi iyon totoo.

Ikaapat, ipinagkakaloob ng Diyos ang kinakailangan natin upang mamuhay nang matagumpay. Gumagawa siya ng “paraan upang makatakas.”

Kaya’t isang konklusyon na makukuha natin sa talatang ito ay: Nilalayon ng Diyos na mamuhay tayo nang matagumpay. Ang biyaya para sa matagumpay na pamumuhay ay ibinibigay bilang tugon sa pananampalataya.

“Dahil kung anuman ang isinilang sa Diyos ay nagtatagumpay sa mundo. At ito ang tagumpay na tumatalo sa sanlibutan, maging ang ating pananampalataya.” (1 Juan 5:4).

"Pinagpala ang taong nananatiling tapat sa kabila ng pagsubok; dahil kapag nalampasan niya ang pagsubok tatanggapin niya ang putong ng buhay na ipinangako ng Panginoon sa kanila na mga umiibig sa kanya." (Santiago 1:12).

Kung nauunawaan natin kung paano nangyayari na ang mga mananampalataya ay natalo ng tukso, marahil mauunawaan din natin kung paano iyon napipigilan. Ang isang taong nahulog sa tukso, ay karaniwang hinayaan na ang sarili ay dumaan sa isang proseso.

Ang proseso ay inilarawan sa Santiago 1:14-15: "Natutukso ang tao kapag siya'y naakit at nagpapatangay sa kanyang sariling pagnanasa. At ang pagnanasa kapag naitanim sa puso ay nagbubunga ng kasalanan..."

Naobserbahan ni John Wesley ang mga hakbang patungo sa sinasadyang kasalanan ay katulad ng sumusunod.

- (1) Mayroong pagtukso (mula sa mundo, sa katawan, o sa demonyo)..
- (2) Binibigyang babala ng Espiritu ang mananampalataya na maging mapagbantay.
- (3) Nagbibigay ng pansin ang tao sa tukso at lumalakas ang pang-akit nito. (Dito nagagawa ng tao ang kanyang unang pagkakamali sa prosesong ito.)
- (4) Nagdadalamhati ang Espiritu, humihina ang pananampalataya ng tao, at ang kanyang pag-ibig sa Diyos ay nanlalamig.
- (5) Malakas na tumututol ang Espiritu.
- (6) Tumalikod ang tao sa *masakit* na tinig ng Espiritu at nakikinig sa *mapang-akit* na tinig ng manunukso.
- (7) Nagsisimula ang masasamang pagnanasa at pinupuno nito ang kanyang puso; naglalaho ang pananampalataya at pag-ibig; handa na siyang gumawa ng panlabas na kasalanan.

Hindi natin dapat akalain na ang karanasan ng bawat tao ay sumusunod sa ganitong pagkakasunod-sunod. Kung minsan ang tao ay tila bigla na lamang nagkakasala, at tila hindi na dumadaan sa prosesong ito.

Dahil lumalakas ang kapangyarihan ng tukso habang hawak niya ang ating atensiyon, ang mananampalatayang seryoso sa pagpapanatili ng tagumpay laban sa kasalanan ay dapat maging matatag upang agad niyang magawa na tanggihan ang tukso. Ang taong nakakikilala ng tukso upang magkasala subali't nag-aatubili na tanggihan ito ay naglilagay sa kanyang sarili sa mas malaking panganib. Sa pag-aatubili, ipinapakita niya na ang kanyang puso ay hindi lubos na nagnanais na bigyang-lugod ang Diyos.

Ang tukso ay isang hamon sa ating pananampalataya, dahil ang tukso ay nagbibigay sa atin ng pagkakataon na pagdudahan na ang pagsunod sa Diyos ang pinakamabuting gawin sa sandaling iyon.

► Kung ang isang mananampalataya ay tila hindi makayanang mamuhay nang matagumpay laban sa kasalanan, ano kaya ang dahilan?

Ito ay marahil dahil sa isa o higit pa sa mga sumusunod na suliranin.

Hindi niya nakikita na kailangan niyang sumunod sa Diyos.

(2) Hindi niya nakikita o pinaniniwalaan ang pangako ng Diyos na biyayang nagbibigay-lakas.

(3) Hindi siya dumidepende sa biyayang nagbibigay kakayahan mula sa Diyos sa halip na sa sariling kalakasan.

(4) Naglilingkod siya sa Diyos kung kailan lamang niya nais sumunod, sa halip na lubos, at walang kundisyong pagsunod.

(5) Hindi pa niya sinisikap sa pamamagitan ng biyaya na magkaroon ng isang tanging pagnanais na gawin ang kalooban ng Diyos.²⁹

(6) Hindi siya nagpapanatili ng mga espirtual na disiplina at gawain na magpapanatiling matibay sa kanyang pananampalataya—pagpapatatag ng kanyang relasyon sa Diyos.

(7) Hindi siya nagpapanatili ng espirituwal na pananagutan sa isang lokal na iglesya.

May tatlong lalaking nagnanais na pumasok na tsuper sa isang kumpanya. Ang una, sa pagnanais na magpakitang-gilas sa magiging amo niya ang nagsabi, "Ako'y sobrang mahusay na drayber na kaya kong magmaneho nang napakabilis na ilang piye lamang ang layo sa bangin ngunit hindi mo kailangang mag-alala." Ang ikalawa, na ayaw magpatalo sa una, ang nagsabi, "Kaya kong magmaneho nang napakabilis, at ilang pulgada lamang ang layo sa bangin nang hindi nahuhulog dito." Ang ikatlong aplikante, na medyo nag-atubili, ang nagsabi sa magiging amo niya, "Hindi ko ilalagay sa panganib ang iyong buhay sa paglapit sa isang bangin." Sa palagay mo, sino sa tatlo ang natanggap sa trabaho?

